# UJÓS




2024

Ujós

*Ang Ulos ay taunang pahayagang pangkultura na inilalathala ng Artista at Manunulat ng Sambayanan.*

*https://philippinerevolution.nu*

***Pagkopya.*** *Ang Ulos ay inililimbag sa ilalim ng lisensyang Creative Common Attributions 3.0. Hihinikayat ang pagkopya at pagpaparami ng libro o alinmang bahagi nito, na may tamang pagkilala sa pinanggalingan.*




*Mula sa linyang iginuhit ng Partido Komunista ng Pilipinas tungo sa ikatlong kilusang pagwawasto, ang pabalat ng Ulos 2024 ay nagpapatungkol sa landas ng pagsulong upang mapangibabawan ang nagdaang mga pagkakamali.*

*Pabalat ni Ka Santi.*

## Nilalaman


| | |
|---|---|
| *PINASABOG* | *1* |
| *ALKONTRA* | *2* |
| *Paisa-Isang Pamamaalam* | *4* |
| *Para sa pinakamamahal kong kabiyak* | *7* |
| *hanggang sa magliyab ang silangan* | *9* |
| *Awit Kay Luisa* | *10* |
| *Ka Mabel* | *11* |
| *Kayo ang aming tula* | *15* |
| *Bol-anon* | *17* |
| *Alitaptap* | *18* |
| *Ang Muog na Bakal sa Baryo Kolektibo* | *21* |
| *Dibuho: Sumulong sa Pulang landas* | *34* |
| *WE ARE TRAITORS TO OUR CLASS ORIGIN* | *35* |
| *TAYO'Y MGA TAKSIL SA'TING URING PINAGMULAN* | *36* |
| *Ang komportable sa di komportable* | *37* |
| *Welcome* | *41* |
| *Sangandaan ng paglaya* | *43* |
| *PAGSASANAY* | *45* |
| *SUMAMPA KA* | *48* |
| *Pasya* | *51* |
| *Tagumpay* | *52* |
| *Balagtasan: Duralite o Dragon Titan* | *54* |
| *Bukanegan: Ti Pudpudno nga Hukbo ti Umili* | *62* |
| *Balagtasan: Ang Tunay a Hukbo ng Mamamayan* | *67* |
| *Dibuho: Anino* | *72* |
| *Dula: Pulang Bandila* | *73* |
| *Lakbay ng Hukbong Bayan* | *85* |
| *Makauring hukbo sa ika55 taon* | *88* |
| *Kasama nakikilala kita* | *91* |

*Mga komposo ng paglaban noong dekada 70 at 80 sa Panay* 94
*Mga komposo sang pagbato sadtong dekada 70 kag 80 sa Panay* 97
*KA 'TALONG': Kwento ng isang huwarang rebolusyonaryo* 101
*Terror Law* 106
*Militar patakyasen* 108
*Militar palayasin!* 110
*Chacha* 111
*Walay butang nga human na daan* 112
*Walang bagay na hindi nagbabago* 114
*Para kay Ka Phillip, sa kanyang kaarawan* 117
*Alang kang Ka Phillip, sa iyang adlawng natawhan* 118
*Isda at Tubig (Hukbo at Masa)* 119
*Ang diwa at mga paang hubad* 120
*EKSPANSYON* 123
*PULONG PAGSISIYASAT* 125
*Dibuho: Panata* 128
*Makabawi ra ta, salig sa masa* 129
*Tayo'y makababawi rin, sa masa'y magtiwala* 131
*Dibuho: Magwasto, Sumulong* 133
*Pasasalamat* 135

# Paunang Salita

Isang taon na mula nang ipanawagan ang puspusang kilusang pagwawasto, at tumugon ang buong pambansa-demokratikong kilusan. Iba't ibang antas, iba't ibang kakayahan. Ngunit lahat ay may kapansin-pansing kasiglahan, na para bang bukiring pagdating ng tag-ulan ay biglang umuusbong ang iba't ibang anyo ng buhay.

Sapagkat ngayon, sa kilusang pagwawasto ay sumisigla ang pag-aaral sa iba't ibang rebolusyonaryong kurso at babasahin, mga panlipunang pagsisiyasat sa mga dati at binabalikang mga lugar, at mga pagsisikap ng mga dati at bagong kadre na lagumin ang karanasan ng kani-kanilang saklaw ng gawain sa mahaba-mahaba na ring kasaysayan ng kilusan. Syempre pa, nariyan ang pamumuna at pagpuna sa sarili at ang determinasyong harapin ang mga kahinaan.

Lahat ng ito'y gawaing pangkultura. Totoo, hindi sa karaniwang pagkakakilala natin ng kultura sa larangan ng sining at panitikan. Ngunit sa kaibuturan, ang pagbabago ng kaisipan at mga gawi, indibidwal at kolektibo, ay isang gawaing pangkultura. At ito ang tinutudla ng kilusang pagwawasto. Ang sining ng pagwawasto.

Di tulad ng mga nauna, ang isinasagawa nating kilusang pagwawasto ngayon ay nakapaloob sa pinakamapanghamong mga kalagayang pampulitika at pangmilitar. Humarap ang buong rebolusyonaryong kilusan sa tatlong-larangang digma ng rehimeng US-Marcos na hindi pa natutumbasan sa tindi at bangis sa nakaraan. Gamit ang batas militar, mga haytek na kagamitang militar, at lahat ng ahensya ng reaksyunaryong gubyerno, pinakawalan ng estado ang pinakabrutal na mukha ng pasismo laban sa mamamayan sa kanayunan at kalunsuran. Ipinagpatuloy at pinalawak pa ito ng sumunod na rehimen, at patuloy din natin itong hinarap.

Mula nang ihudyat ng Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas ang panimulang pagsisikap sa pagwawasto, di-iilang mga kadre at aktibistang

pangkultura na ang nasawi sa matinding atake ng magkasunod na pasistang rehimen. Ilan lang sa kanila ang minasaker sa Antique na sina Ka Mayamor (makata, artistang-biswal na si Felix Salditos), Ka Jerry (makata, artistang-biswal na si Eldie Labinghisa), at Ka Liway (videographer na si Karen Ceralvo). Pinaslang sa South Cotabato ang artistang-biswal na si Ka Parts Bagani (John Niebres). Pinaslang din sa Negros ang mga rebolusyonaryong makata't manunulat na sina Ericson Acosta at Kerima Lorena Tariman. Tinotyur at pinaslang ang makatang si Wilma Austria-Tiamzon at ang manunulat na si Benito Tiamzon. At noong nakaraan lamang ay nasawi sa labanan ang makatang si Soral Malaya.

Ngunit kung gaano kalupit ang mga pagsubok ay gayon din ang tapang at sigasig ng pagharap dito ng kilusan at ng buong rebolusyonaryong mamamayan. Sa inspirasyon ng mga nasawi, sa aral ng kanilang buhay, at sa sigla ng kilusang pagwawasto ay tumindig at sumulong ang rebolusyon, nagpalitaw ng marami pang ibang rebolusyonaryong kadre at mga rebolusyonaryong artista at manunulat.

Hindi kataka-taka kung sa kagyat na hinaharap ay muling mamukadkad ang sining at panitikan sa isang bagong rebolusyong pangkultura, ang kultura ng pagwawasto.

Magmumula sa resulta ng mga panlipunang pagsisiyasat ang mas maliwanag na mga reportahe at sanaysay, iaanak ng mga karanasan sa ekspansyon at rekoberi ang madamdaming mga tula at dagli, bibigyang inspirasyon ng paglalagom ang mga talambuhay at maikling kwento, magiging musika ang agos ng muling pagsulong. Ang mga obrang ito ay magtataglay ng malalim na kabatirang hinugot sa lungkot o sakit ng paghamon at ningning ng naipagwaging mga tagumpay. At sa pagsasabuhay ng mga aral sa teorya at aral ng nakaraan magmumula ang pagpapanibagong-hubog ng bagong mga kadre, aktibista at mandirigmang pangkultura. Mula sa pagdilig ng ulan ng pagwawasto sisibol ang pagpapanibagong-anyo ng rebolusyon sa kanayunan. Mula sa pagsulong na idudulot ng pagwawasto sisibol ang patuloy na pagbabago ng lipunan.




*Iginuhit ni RM*
*Disyembre 2024*

# Sa Agos ng Pagwawasto

Ang koleksyon na ito ng Ulos ay inipon sa agos ng unang taon ng kilusang pagwawasto. Laman nito ang mga sakripisyo at hinagpis sa buhay-at-kamatayang paglaban ng mga rebolusyonaryo. Inilalarawan sa mga pyesa nito ang bakal na pagkakaisa ng mga rebolusyonaryong pwersa sa masa at ang matiyagang paggagawaing masa para balikan ang naiwan at bumangon.

Sa tulang "Pinasabog" ni Saysay Silang, inilarawan niya ang sinapit ng tatlong kasama na tulad ng sinapit ng kanyang tula nang pasabugan ng tone-toneladang bomba ang kanilang kampo.

*Walang na-isplinterang taludtod*
*Walang nagkagula-gulanit na mga saknong*
*Wala namang duguang pamagat*
*Basta*
*Nasama ang mga tula ko*
*sa pagkawala*
*Nina Ka Jerry, Ka Vince at Ka Bea*

Higit sa mga nawala, karga ng mga naiwan di lamang ang pagluluksa kundi maging ang pagsusulong ng mga naiwang mga gawain. Nariyan ang pag-igpaw ni Ilaya Magbanua sa pangungulila sa namartir na asawang makata na si Soral Malaya sa liham na "Para sa Pinakamamahal kong Kabiyak."

Pagluluksa at pagtanggap din ang tulang "Paisa-Isang Pamamaalam" ni Fernando Casibio, na naglalaman ng pag-angkop niya sa mga paghihiwalay at walang katiyakang pagtatagpo, hanggang sa katiyakang di na sila muling magkikita nang mamartir ang mga kasama niya sa larangan.

*Isa pa't pahuling pagbisita sa iyong kubo bago ang*
*takdang paglabas ko ng erya. Ayon sa kaisahan, kailangan*
*kong makalipat ng bayan para sa panibagong tatanganang*

*gawain. Sadyang iyan ang kumpas ng kilusan.*

Samantala, ang obrang "Bol-anon" at tulang "Alitaptap" ay mga pirasong naiwan nina Hannah Cesista (Ka Maya) at Junalice Arante-Isita (Ka Arya), dalawang mandirigmang kababaihan na namartir sa magkaibang larangan at sirkunstansya, pero iisa ang ipinaglalaban.

Bahagi ng koleksyon ang sanaysay na "Muog na Bakal ng Barangay Kolektibo" na nagsalaysay sa karanasan ng mga Pulang mandirigmang nabomba at ang pagsalo sa kanila ng lokal na sangay ng Partido at masa ng isang baryo. Isinulat ni Ka Luisa, laman nito ang disiplina, tapang at pagkamalikhain ng mga taga-Kolektibo para itaguyod ang kanilang hukbo sa gitna ng rumaragasang operasyong militar. Litaw sa mga eksena ang tiwala ng mga Pulang mandirigma at masa sa isa't isa, resulta ng masikhay na gawaing masa ng Pulang hukbo.

Tampok ang tiwalang ito sa tugon ng isang upisyal ng barangay sa matinding pag-aalala ni Ka Luisa:

*"Ok lang, Ka Luisa, hindi ka talaga pwedeng sumama, siguradong marami nang sundalo dun, nakailang balik na ang helikopter. Kami na ang bahala," basa ko ang pag-unawa sa mga mata niya at pangakong gagawin ang anumang kailangan.*

*Kahit papano, napanatag ako. Nasa kamay na ng mga taga-Barangay Kolektibo ang kaligtasan ng sinumang mapadpad sa kanila.*

Ilan sa mga tula ay nanghihikayat sa mga petiburges sa kalunsuran na magtungo sa kanayunan, ang "maging kumportable sa di kumportable" gaya ng tula na may katulad na titulo ni Archie Arceta, ang kilalang makatang si Soral Malaya. Isa si Malaya sa 10 Pulang mandirigma na namartir sa Pantabangan, Nueva Ecija nitong taon.

Narito rin ang tulang "Tagumpay" ng Pulang kumander na si Rosalino Canlubas (Ka Yuni), na isinulat niya bilang panghikayat ng mga kadete sa batayang kurso ng pagsasanay militar ng Bagong Hukbong Bayan.

*Sa layuning makamit, ganap na tagumpay.*
*Treynors ay nagpipito sa oras ng alas kwatro*
*Isa, dalawa, tatlo, sabay-sabay ang bilang ng ehersisyo*
*Hinuhubog ang isip sa pagiging proletaryado*

Habang paksa ang paghikayat ng kabataang mandirigma, pinarangalan naman ang mga kabataang nauna sa kanila, tulad ni Ernesto Jude Rimando, at mga rebolusyonaryong nag-ambag sa rebolusyonaryong sining sa sanaysay na "Mga komposo ng paglaban noong dekada 70 at 80 sa Panay."

Sa tulang "Kasama Nakilala Kita," pinararangalan ang mga kumander at mandirigmang pinanday ng deka-dekadang paglaban na nananatiling haligi ng hukbong bayan hanggang sa kasalukuyan.

*Ikaw ay gintong binhing lumaki sa kanayunan*
*Nagsimula sa MLP, SYP, mga yunit panlaban*
*Nagpalawak sa mga baryo, baya't lalawigan*
*Haligi ka sa pagtayo ng naging sona't larangan*

Sa huling bahagi ng koleksyon matatagpuan ang mga likhang sining ng mga kasamang bukas na loob na tinanggap ang kawastuhan ng kilusang pagwawasto at masigasig na ipinatutupad ang mga tungkulin dito.

Paksa ito ng kambal tula ni Ka Eunice na "Ekspansyon" at "Pulong Pagsisiyasat," kung saan humuhugot ng lakas ang mga kasama sa pagpapatupad ng mga gawain sa di nahuhubas na suporta ng masa.

Sa huli, ang maiksing kwentong "Magtiwala sa Masa" ng isang kasama sa Northeast Mindanao kung saan di niya mapigilang maluha sa mainit na pagtanggap ng masa sa kanilang yunit. Binigyang buhay nito ang panawagan sa okasyon ng Partido sa ika-56 anibersaryo nito:

Magwasto! Sumulong!

PINASABOG

# PINASABOG

*ni Saysay Silangan*

Hindi na nakapalag
Ni hindi na nakaimik
Ang aking mga tula
Nang pinasabog ang aming kampo

Walang na-isplinterang taludtod
Walang nagkagula-gulanit na mga saknong
Wala namang duguang pamagat
Basta, nasama ang mga tula ko
sa pagkawala nina Ka Jerry, Ka Vince at Ka Bea

Pero hindi sila humimlay

Nagparamdam ang maraming berso
Ng mga saysay mula sa puso
Nagpa-ala-ala ang mga linyang
“makakalimutan ang pagkalam ng tiyan
sa bala sa balang tunggalian”

At hindi ako tinatantanan
Sa ulirat ng isang pamagat
“Alkontra”

Pinasabog ang mga tula ko

*Agosto 14, 2021*

# ALKONTRA

*ni Saysay Silangan*

Sa pokus ng kaaway
Sigwa ng mga pagsalakay
Nagpapakilala ang digma
Lampas lampas sa pagpapamilyarisa

Hambalos sa ulirat
Sa kalamnan ay may pagsukat
Hinahamon ang kaibuturan
Ang tindig sinusubukan

Lampas lampas sa pagpapamilyarisa
Mukha ng digma
Walang ibang dapat gawin
Harapin, harapin

Ang ulirat ng bawat isa ay pakakalmahin
Tungo sa pag-iisa ng pag-unawa't disiplina
Ang kalamnan ng lahat ay pagpapahingahin
Para sa pagsesentro ng lakas at pag-alkontra

*November 5, 2021*

# Paisa-Isang Pamamaalam

*ni Fernando Casibio*

I.
Pahuling gabi ninyo ng pakikipamuhay
at pag-aaral sa gawaing masa, kasama't kasabay
ang yunit ng Bagong Hukbong Bayan; sa may
pookan ng pamilyahang magsasaka. Napakakulay

ng programang inyong iniayos, bilang atin sanang
pasasalamat sa kanilang pagtataguyod. Lalo pang
nabuhayan ang gabi dahil sa iyong pagtugtog ng
mga awiting nagpaalala sa kanilang napakadakilang

ambag sa kilusan, at sa pangako ng "balang araw."
Matapos, nalaman mo ang aking pagkauhaw
na makabisa rin ang itinanghal na awitin. Lumitaw
ang isinulat na kopya kinabukasan, na sumulat daw ay ikaw.

II.
Sa kalagayang napakamakilos ng mga gawai't pag-inog
natin, napagkalooban tayong paunang magkahalubilo't
magpanagpo sa dadalawang araw lamang yatang lubog
pa sa gawaing masa at pulong-pagpaplano sa susunod

na buwan ng yunit sa eryang kinikilusan. Noon, inabot
mo akong may tamlay sa pagkilos, may pagkalugmok,
at sinusubok ng krisis sa pag-ibig at pagkapagod.
Kinumusta mo ako. Nagtyaga kang makinig sa aking lungkot.

(Hindi ko alam noong maging ikaw, pinupupog na rin pala
ng krisis, dahil pinunterya na ng estado ang iyong pamilya.)
Nakangiti kang lumisan, nakikipagbiruan. Nag-iwan pa nga ng liham:
"Sunod na kita natin, dapat, nakaigpaw ka na, ha?"

III.
Isa pa't pahuling pagbisita sa iyong kubo bago ang
takdang paglabas ko ng erya. Ayon sa kaisahan, kailangan
kong makalipat ng bayan para sa panibagong tatanganang
gawain. Sadyang iyan ang kumpas ng kilusan. Sa pagitan

ng mga tubó, nakatali ang bubong mo, panabing mula
sa tirik na araw. Mainit, nakakapanghina, at kulay-pula
na ang balat natin dahil sa bolo ng tubó. Pero, pupunta
pa rin ako sa iyo. Magaan ka kasing kausap. Maginhawa

akong nakakapagbukas sa iyo. Matalas ka, kahit palabiro.
Habang nagpapaalala ka'y nakikipagpalitan pa ng panunukso:
"'Wag mong huhusayan sobra, baka mawalan ako ng trabaho!"
Malumbay nga sa mga sangandaan, pero may optimismo.

*Agosto 1, 2024*

*Ang tula na ito ay mga piling tagpo ng minsanang mga sangandaan mula sa pagkakasama sa paggaod kasama ang Tuy 3 na sina Jethro Royce 'Ka Alex' Magtira, Gladys Cassandra 'Ka George' Mendoza, at Jian Markus 'Ka Reb' Tayco.*





Para s
pinakam
kong ka

Para sa pinakamamahal kong kabiyak,

Sa iyong paglisan, kalahati ng pagkatao ko'y mistulang nawala. May malaking bahagi ng sarili na malalim at bakanteng espasyo, na dati'y pinupunan ng presensya mo. Ganito pala ang pakiramdam kapag yumao ang kabiyak ng puso. Walang kapares ang kalungkutan...

Ngunit huwag kang mag-alala sa akin, mahal. Umagos ang luha ko, nanikip ang dibdib, pero sa pagsikat ng araw kinabukasan, bumangon akong nagdadalamhati pero patuloy na nakakuyom ang kamao.

Palagian ang paglisan sa pinili nating buhay. Akala ko noon, hindi ko kakayanin na mawalay tayo sa isa't isa, panandalian man o mahabang pagkakalayo. Pero tinuruan tayo ng distansya na mas maging malapit sa isa't isa, nakabuo tayo ng mas mahigpit na tiwala, at ito ang lalong nagpatibay ng ating pagmamahalan. Pasasaan ba't ilang panahon lamang ang gugugulin bago tayo magkapiling muli?

Ngunit ngayon, hindi na lamang pala pansamantala ang ating pagkakalayo. Hindi na ako kailanman makakatanggap ng mga sulat mula sa iyo. Wala ka nang ipapadala na bago mong mga tula. Habang-buhay ka nang lumisan. Mahal, sa iyong pagkamartir, pinaalala mo sa akin ang pinakamahalagang bagay: lahat tayo'y mga mortal na anumang oras ay maaaring mabuwal sa digmaan, gaano man kahusay o katagal na nakikidigma. Kaya't sa bawat araw na lumilipas, maikli man o mahaba ang oras ko rito sa mundo, basta't habang may lakas at kakayahan pa, mapagpasya at buong-puso kong iaalay ang mortal na buhay sa pagsusulong ng rebolusyon.


Patuloy akong nagdadalamhati sa iyo, mahal. Ngunit sinisikap kong ang mukha ng aking pagdadalamhati ay ang walang humpay na pag-alala sa masasaya at makabuluhan nating karanasan, ang ubos-kayang pagkilos sa kabila ng lumbay, ang pagtangan sa rebolusyonaryong optimismo sa gitna ng mga gipit na sitwasyon, ang rebolusyonaryong dedikasyon sa paggampan ng arawang gawain, ang araw-araw na pagbubuo ng tapang at paninindigan upang manatiling sumusulong.



a

mamahal

biyak,



Sa aking irog
ni Kyreo Tablo
Disyembre 15, 2024

*Sabi mo'y pangarap mong maging imortal sa pamamagitan ng tula - iyong isinulat ng ibang tao para o patungkol sa iyo. Sabi mo kasi'y lagi nalang ikaw ang nagsusulat ng mga tula at parangal para sa mga kasamang una nang namartir. Bumuhos ang mga pagdakila't pagpupugay para sa iyo ngayon, mahal. Ganito ka kamahal ng lahat ng mga taong nakadaupang-palad mo. Salamat sa iyong mga tula at liham. Magiging imortal ka sa iyong mga akda at sa mga isinulat ng iba para sa iyo. Titiyakin kong mababasa at makikilala ka ng ating anak sa pamamagitan ng mga ito, at sisikapin kong maisulat ang iba pa nating mga kwento't karanasan.*

*Mahal, araw-araw kitang dadakilain at pagpupugayan sa pamamagitan ng pagsasabuhay o pagiging halimbawa sa iyong pinakita kung paano maging isang mabuting rebolusyonaryo. Laging aalahanin at sisikapin kong tularan kung paano mo matiyagang niyayakap ang mga kahirapan, kung paano ka mapagkumbabang umaako ng kahinaan, kung paano ka naging matapang, kung paano mo nagagawang habaan ang iyong pisi o pasensya, kung paano mo kinikilala at inuunawa ang mga bagay-bagay sa kaibuturan nito, kung paano mo minamahal at pinagmamalasakitan ang mga masa at kasama, kung paano ka tahimik at masayang nagsusulat ng mga tula sa kagubatan...*

*Sa iyong pagkamatay, tinuruan mo akong higit lalong dapat magsumikap na mabuhay. Mahal, sa pagpapatuloy ko sa pakikibaka, pakiramdam ko'y kapiling pa rin kita. Kaya't hindi ako titigil magrebolusyon, dahil ang pagpapasyang patuloy na kumilos ay kasing kahulugan ng walang hanggan kong pagmamahal sa iyo—maging aking huling hininga.*

*Mananatili sa agos ng pakikibaka,*
*Ka Giya*

**Para kay Ka Teo o mas kilala bilang Soral Malaya sa kanyang mga rebolusyonaryong akdang pampanitikan. Isa si Ka Teo sa sampung mandirigma na namartir sa isang depensibang labanan noong ika-26 ng Hunyo 2024 sa Pantabangan, Nueva Ecija.*

# hanggang sa magliyab ang silangan


*ni Rio*

ipasa mo sa akin ang lapis
ipagmana ang dugo ng dibuhistang
siya ring isinalin sa'yo
iguhit natin ang serye ng mga walang hangganang gulod
na itatagpos ng ating pagsulong

isakbat mo sa aking likod
ang bigat ng buhay-pakikibaka
at papasanin naming magkakabagis
ang dagan ng iyong pagpanaw
hayaan mong bitbitin ka
hanggang sa pagtatapos at tagumpay

ipagparingas mo ako ng apoy na
'di mapapatid ng bagyo
ng ihip ng pagkasiphayo
ng saklap ng pagkabigo
ng sunod-sunod na dagok
na nag-aalab na sasalubungin ko

ibulong mo sa akin ang mensahe
sumenyas ka ng "isa"
sunod tapik sa bota
"isang bakas lang ha"
sumunod sa yapak ng mga dakila
at hanggang sa magliyab ang silangan,
hinding-hindi ka mawawala



*Iginuhit ni Ka FY*
*Disyembre 15, 2024*

# Awit Kay Luisa

*ni V. Sanggangbayan*

mina ng gintong ipinanday sa puluhan ng gulok
ilog sa paanan ng bundok sa lungsod ang agos
Nobyembre, hininga ng tag-ulan ang huling hugot
eternal ang ngiti sa pisnging namumurok
rumangya ang kilusan sa gabay niyang dulot
Victoria Mirayan, ngalan ng tagumpay na handog
alimagmag sa dilim, liwanag ng laya sa sansinukob




*Si Victoria Mirayan ay si Kasamang Josephine Mendoza, ikalawang pangalawang kalihim ng Komite ng Partido sa Southern Tagalog, at isa sa mga kagawad ng Komite Sentral na nagsilbing matatatag na haligi ng sentral na pamunuan ng Partido. Pumanaw siya noong Nobyembre 10, 2023 sa edad na 59.*


# Ka Mabel: Tanglaw ng mamamayang api; anak ng inang larangan, lambana ng kilusang kabataan

Isa si Azase "Ka Mabel" Galang sa libo-libong rebolusyonaryong ipinunla ng marubdob na kasaysayan ng malawak na tubuhan ng Asyenda Luisita sa Inang Larangan. Siya ay tanglaw; pag-asang bitbit ng pahimakas sa mga kasamang nagpapatuloy ng labang kaniyang naiwan na para bang hindi niya kailanman linisan ang mundong ibabaw.


Taong 2016 nang maging kasapi si Azase ng Pi Sigma Sorority kung saan siya kumilos sa iba't-ibang dako ng Gitnang Luson upang mag-organisa at magsilbi sa mamamayan sa ilalim ng kapatiran. Sa parehong taon, kasama ang malawak na hanay ng kabataang Tarlakenyo ay kanilang binuo ang lokal na balangay ng Anakbayan sa probinsya ng Tarlak; ang Kabataang Tarlakenyo para sa Bayan.

Muling pagtitibayin ang balangay sa taong 2020. Dito, maihahalal si Azase bilang tagapangulo ng balangay. May banta man sa kalusugan at lumalalang pamamasista ng estado, sa kalagitnaan ng pandemya, hindi nito napigilan ang kasikhayan na taglay ng balangay sa ilalim ng pamumuno ni Azase. Mahusay silang naglunsad ng mga aktibidad na nagsusulong ng interes at kapakanan ng mga kabataan-estudyante, magsasaka, katutubo, manggagawa, at maralitang tagalungsod ng Tarlak.

Halos nasa ikalawang semestre na ng kaniyang ikaapat na taon sa kursong Public Administration sa Tarlac State University, nang magpasya si Azase na maging maging buong-panahong aktibista sa Gitnang Luson at iwanan ang



*Guhit mula sa Kalayaan-Central Luzon Nobyembre 2024*



"

*Taglay ni Azase ang lahat ng rason upang tumangan ng armas. Naunawaan niya sa kanyang paghahanap sa kaniyang mga magulang, tanging sa pagtahak lamang ng landas ng armadong pakikibaka niya lamang mahahanap ang tunay at ganap na hustisya.*

kaniyang petiburges na pangarap na maging abogado. Dito, gagampan siya bilang kalihim ng Kabataang Makabayan sa buong rehiyon ng Gitnang Luson. Sa kanyang pamumuno, nakamit ng rebong kilusang kabataan ang napakaraming mga tagumpay.

Musmos pa lamang ay nasaksihan na niya ang masidhing pakikibaka ng masang anakpawis. Nagmula sa uring magsasaka ng Asyenda Luisita ang kaniyang ina. Samantalang galing naman sa pamilya ng mga aktibista ang kanyang ama. Pawang organisador ng uring anakpawis ang kaniyang mga magulang. Ngunit sa ilalim ng berdugong si Palparan at kaniyang pasistang amo na si Gloria Macapagal-Arroyo, sapilitang iwinala ang kaniyang tatay. Sa unang buwan naman ng pasistang rehimen ni Marcos Jr., dinukot rin ang kaniyang nanay na si Maria Elena “Cha” Pampoza.

Taglay ni Azase ang lahat ng rason upang tumangan ng armas. Naunawaan niya sa kanyang paghahanap sa kaniyang mga magulang, tanging sa pagtahak lamang ng landas ng armadong pakikibaka niya lamang mahahanap ang tunay at ganap na hustisya. Ganap na naging Pulang mandirigma sa Bagong Hukbong Bayan si Azase noong July, 2023. Isa si Azase sa sampung Pulang mandirigmang nasawi sa naganap na labanan sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan at berdugong 84th Infantry Battalion ng 7th Infantry Division sa Barangay Villarica, Pantabangan, Nueva Ecija.

“Sa ilalim ng kaniyang seryosong mukha, nakakubli ang malambot na pusong laging handang mag-alay ng oras at panahon para sa masang kaniyang inoorganisa, hinding-hindi ko siya makakalimutan.” Sambit ni Echo, isa sa noo’y masang estudyanteng inoorganisa niya sa Tarlak na ngayo’y katatapos lang manumpa bilang kasapi ng Kabataang Makabayan. “Alala ko pa noong kami ay nasa gitna ng pulong masa nang tapikin ni Azase ang kamay ko para hatiin para sa lahat ang tira-tirang chicharon sa lamesa ang nagtulak pa lalo ng paghanga ko sa taglay niyang imparsyalidad at pantay na pagtingin sa lahat ng kasamang kaniyang nakakadaupang-palad. Lagi namin siyang maaalala sa bawat pagsasalo," dagdag ni Ignacio, isa sa mga masang aktibistang kaniyang sinanay bago niya lisanin ang kapatagan at tuluyang makipagsapalaran sa kanayunan.

Walang anumang paninira at kasinungalingan mula sa kaaway ang dudungis sa kanyang dakilang buhay. Ang maikli ngunit makabuluhang buhay ni Azase na inialay sa paglilingkod sa malawak na mamamayan ng Gitnang Luzon ay higit na mabigat sa Sierra Madre.

Nabuwal man si Azase ngunit nabigo naman ang mga berdugo't pasista na dungisan ang kanyang dakilang Pagpapasya na ialay nang buung-buo ang kanyang nag-iisang buhay sa layuning wakasan ang pang-aapi at pagsasamantala sa ating bayan. Buong puso ka naming ipinagmamalaki, Ka Shyla, Ka Jep, Ka Mabel. Taas kamao, nag-aalab, at pinakamataas na pagpupugay ang aming ipinaabot sa iyo.

Mananatili siyang buhay sa bawat kamaong nakakuyom. Sa mga empleyo't pagawaan. Sa mga sakahan. Sa mga pamantasan. Sa lansangan. Hangga't nananatiling pinagsasamantalahan ang sambayanan, laksa-laksa ang tutungo sa kanayunan upang ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanan na siyang dudurog sa daan taon nang paghahari ng Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata Kapitalismo.

*Unang inilathala sa Espesyal na Isyu Nobyembre 2024 ng Kalayaan, KM-Central Luzon.*

*Walang anumang paninira at kasinungalingan mula sa kaaway ang dudungis sa kanyang dakilang buhay. Ang maikli ngunit makabuluhang buhay ni Azase na inialay sa paglilingkod sa malawak na mamamayan ng Gitnang Luzon ay higit na mabigat sa Sierra Madre.*

# Kayo ang aming tula

*ni Kyreo Tablo*

"Nabuwal, namatay, namayapa"
para sa mga rebolusyonaryo,
iisa lang ang pakahulugan nito:
"nawalan tayo ng kasama,
ng karamay, ng kasangga"
Ngunit hindi habambuhay na hihimlay.
Mga kasama,
Kayo, sa amin, ay buhay na buhay.

Dugo ninyo'y nagmistulang tinta
na nananalaytay sa mga pahina,
pumipintig sa bawat letra,
humihinga sa bawat kataga,
sa estoryang kayo ang bida.
Sa pagitan ng luha't pulbura,
Mga kasama,
yayakapin kayong may tuwa at sigla!

Nagsusulat, hindi lamang upang kayo'y alalahanin
kundi para ipagpatuloy inyong simulain
tapat sa panatang ito'y tutupdin
anumang hirap aming susuungin, kakayanin
makasaysayan nyong ambag, di sasayangin.






Kayo ma'y hindi na masilayang muli
sa aming isipan kayo'y buhay, lagi
makukulay nyong ngiti
kailan ma'y di mapapawi

kaya patuloy sa pagsusulat mga kamay
di mapapagod, di hihimlay sa pagbaybay.
Sa pagitan ng lungkot at paghanga,
ng pluma't dugong dumanak sa lupa
Mga kasama,
kayo ang aming tula!

*Disyembre 1, 2024*



*Pluma't pulbura*
*ni Kyreo Tablo*
*Disyembre 15, 2024*

*Bol-anon, ni Hannah Jay Cesista (Ka Maya), 2017*




*Ang dibuhong ito ng isang Bol-anong magsasaka ay gawa ni Hannah Cesista, isang mandirigmang martir. Noong batang aktibista si Hannah sa Cebu, isa sa mga aktibidad na tumatak sa kanya ang Lakbayan ng Visayas taong 2017. Nagtipon-tipon noon sa Cebu City ang mga magsasaka, mangingisda, manggagawang bukid, at iba pang mga kasama ng Central Visayas galing sa Bohol, Negros, at Cebu. Pagkatapos ng pitong taon, sa mga magsasakang Bol-anon nya rin inialay ang kanyang tanging buhay nung siya'y namartir sa Bilar, Bohol noong Pebrero 23, 2024.*


# Alitaptap

*ni Adel Serafin*

Mga Anak,
Hindi ko kayo masasamahan mag-caroling
o bumili ng bagong damit
o laruan o tig-isang apa man lang ng ice-cream,
Ngayo'y Pasko
pero di niyo ako kapiling
wala ako sa inyong tabi
Kahit iilang sakay ang pagitan natin

Siguro'y nagsisimula nang mabuo sa inyong isip
ang mga tanong at pagtataka
sa pagitan ng pananabik
Ngunit may panahon ng pag-unawa
sa pagitan ng pagtuklas at paghinuha
Ito'y mundong nagdiriwang
sa gitna ng gutom, dusa at kaapihan.

Mga Anak,
Ang Pasko'y isang araw na lilipas
ngunit huwag sanang magbabakas
ang mga paghusga at pagtawad
sa mga inang piniling sa anak ay mapawalay
kaysa anaying mga walang tinig
sa loob lamang ng bahay



Mga Anak,
Ang Pasko'y isang petsa lamang sa kalendaryo
Mga numerong tinatakan din lamang ng tao
Sa lipunang itinakda ang ina bilang ilaw ng tahanan
Huwag ipagtakang sila'y maging alitaptap lamang
sa pusod ng kanayunan
mumunting liwanag na marahil di makasusulo
ngunit sa pagdami'y tila liyab ng libong sulo

Mga Anak,
Hindi ko kayo naturuang gumawa ng parol
ngunit sa inyong paglaki hangad kong inyong masapol
kung bakit walang christmas light
na kumikislap
sa mumunting mga dampang pinagdidilim ng hirap

Habang ang buong mundo'y nilalamon ng mga hungkag na pangarap
ang kanayuna'y pinagliliwanag ng mumunting mga kislap
mga alitaptap at diklap
na lilikha ng isang lagablab
tulad ng pag-ibig na nananahan sa aking puso
sa pagitan ng ating pagkakalayo
may tunay na laya't kasaganaang maitatatag
sa bawat ina't anak na nagbabalikwas!



*Kilala si Junalice Arante-Isita bilang Adel Serafin, Belinda Bukirin na kanyang nom de plume sa rebolusyonaryong panulaan. Minahal siya ng masa bilang si Ka Arya, Ka Enya at Ka Minda. Siya ay tubong Lipa City, Batangas at namulat bilang kabataang estudyante sa UP Manila. Naglingkod siya sa rebolusyon hanggang sa mamartir sa edad na 37 noong Marso 26, 2024 sa Barangay Elvita (Tubahan), Rosario, Batangas. Kagawad siya ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan sa panahon ng kanyang pagkamartir.*



*Iginuhit ni Ka Mima*
*2024*

# Ang Muog na Bakal sa Baryo Kolektibo

*ni Ka Luisa*

*Ka Luisa,*

*Mabuhay at rebolusyonaryong pangungumusta sa inyong lahat. Bago ko ipaabot ang pangunahing dahilan ng aking pagsulat, pwede bang iabot mo muna sa akin ang iyong kanang kamay at magkamayan muna tayo  para sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Sana ay nasa maayos kayong kalagayan. Kung kami naman ang inyong kukumustahin, ganun pa rin kami patuloy na naninindigan para sa mga naghihirap at inaapi. Hindi lang naman sa pagsama ang pagtulong sa rebolusyon, maraming paraan para makatulong. Kas, ang sinasabi mong gamit, ayun, nakuha na namin at wag kang mag-alala nasa ligtas namang kalagayan ito, kami na ang bahala hanggang sa ipakuha mo dito. Kas, maraming salamat at nakasulat ka sa akin, matagal na ring hindi tayo nagkikita. Kas, kung pwede kontakin mo ako sa aking cp, ipapadala ko sa iyo ang aking number.*

*Sulong,*
*Ka Maya*

Habang itinutupi ko ang sulat bumalik sa aking alaala ang Barangay Kolektibo at ang kanilang tapang at militansya. Siya ang kalihim sa edukasyon ng sangay ng Partido sa Kolektibo. Masayahin, likas na palabiro, yan si Maya. Hindi siya nag-aalangan sa kahit sinong kasama. Kahit bago pa lang niyang kilala, para bang matagal na niyang kasama. Madali siyang makapalagayang loob, katulad din ng iba pa niyang kababaryo. Halos lahat ng residente sa Kolektibo ay malapit sa mga kasama.

Halos dalawang taon na mula nang huli kong makadaupang-palad si Maya. May malaking aktibidad noon ang mga kasama kaya nagtipon kami malapit sa barangay niya. Nakapwesto ako noon sa isang barangay, kasama ang apat pa, para ayusin ang suplay. Ikalawang gabi ng tim namin sa baryo nang magising ako ng tunog ng *drone*. Matutulog na sana uli ako ng bumalik ang tunog ng Hermes, kasunod ang tunog ng FA-50. Sinakmal ako ng pangamba. Sino kayang mga kasama ang binobomba?

Sa labas ng bahay naririnig kong nagkakagulo ang taumbaryo.

"*Drone* yan," sabi ng isa. "Dun umiikot sa may simbahan."

Pumunta ako sa likod ng bahay, sinilip ko sa kalawakan ang maingay na FA-50. Papatay-patay lang na pula ang nakikita ko. Nangamba ako, baka may *tracker* ang mga ipinabili namin. Pumasok ako sa bahay, hinalungkat ko ang ipinabiling trapal. Wala naman akong nakita. Hinalungkat ko ang iba pang pinamili. Tumulong na si Ka Onse sa akin.

"Baka binobombahan ang mga kasama, Ka Luisa?" nag-aalalang tanong ni Ka Onse.

"Di natin alam kung saan ‘yan nangbobomba," sabi ko.

"Baka sa inalisan natin, doon ang direksyong pinanggagalingan," sabi niya.

"Ayan na naman, nasa may simbahan, bababa yata," sigaw ng isang residente, habang nagmamasid mula sa *pathway*.

Napahangos ako ng paglabas sa bahay kahit ayaw ko sanang ibulgar ang presensya namin sa baryo. Napatingin sa akin ang mga taong nagkakatipon sa harap ng bahay ni Nanay Lida.

"Ka Luisa, baka bombahin tayo nyan," sabi ni Mang Berto, isa sa mga taga-baryo.

"Hindi siguro, kanina pa pabalik-balik, ibig sabihin, pag umaalis sila dito, nagbobomba 'yan dun sa pinupuntahan nila," sagot ko. Pinapayapa ko sila pero parang bulkan na ang kaba sa aking dibdib. Paano kung tama ang sinabi ni Ka Onse?

Alalang-alala na rin sina Nanay Lida, ang aming *host*, sa mga kasama. Sana walang mapinsala sa mga kasama, dasal niya. Ginising namin ang mga ka-tim ko na sina Ka Jule at Ka Akoy na tulog na tulog pa rin kahit nagkakagulo na ang buong paligid.

"Ihanda nyo na ang dadalhing suplay, dapat madilim pa lumabas na kayo ng baryo para di makita ang suplay, doon na kayo magpaliwanag sa kubo ni Mang Bastian. Hintayin 'nyo kami dun," atas ko sa dalawang kasamang lalaki.

Lumipat kami ng bahay ni Ka Onse. Alas-4 pa lamang pero parang gising na lahat ang mga tao. Pagdaan namin sa isang *waiting shed* nakita naming may anim na tao, nakilala ko ang mga kasapi ng SPL (sangay ng Partido sa lokalidad).

Nakiupo din ako, nakipagkwentuhan. Halata ang kaba at pag-aalala ng taumbaryo sa mga kasama. Pagliwanag lumakad na kami ni Ka Onse papunta sa bukid ni Mang Bastian. Kwento ni ka Bastian pinagmamasdan nila ang mga eroplano na nagpakawala ng bomba sa tantya niya ay direksyon ng Barangay Kolektibo. Lalo akong nabahala.

"Wag muna kayong tumuloy dun Ka Luisa, delikado di natin alam baka maraming kaaway dun," aniya. Tama siya, kaya kinansela namin ang paghahatid ng suplay sa araw na iyun.

"Sabado ngayon, siguradong may pupunta sa bayan. Pupunta kami ni Ka Onse sa Sityo Kalayaan para maghintay ng mga masa na galing sa Kolektibo," sabi ko sa kanya.

Sa Kalayaan, tumuloy kami sa bahay ni Ate Susan. Hindi nagtagal, natanaw naming parating ang isang grupo—tatlong babae, tatlong lalaki at mga bata. May dalang sanggol ang babae. Nakilala ko si Jing ng Kolektibo. Pagkakita sa amin, agad niyang ikinwento ang mga pangyayari sa baryo.

Ginising daw sila ng malakas nang sunud-sunod na pagsabog. Sa ere, maririnig ang nakakatulig, masakit sa tainga na pagbalik-balik ng mga eroplanong naghuhulog ng bomba. Nagising ang buong baryo at alalang-alala sa mga kasamang alam nilang binobomba ng kaaway.

Hindi sila mapalagay kung ano ang gagawin. Nariyan ang pangamba na baka pati ang kanilang baryo ay bombahin. Ang iba ay nag-usap-usap kung ano ang gagawin. May nagmungkahi na may pumunta sa bukid baka may maligaw doon na mga kasama na mangailangan ng tulong.

Sina Jing at ang kanyang pamilya ay nagpasyang lumikas. May karanasan si Estong, asawa ni Jing, na matortyur ng sundalo kaya sobra ang nerbyos nila. Kaya pagliwanag agad silang lumikas papunta sa bayan. May dugo sa damit na suot ni Jing mahaba ang manggas. Nasabit daw sa mga damong matinik ang kanyang braso sa pagmamadaling makalayo sa kanilang baryo.

Hindi pa sila nakalalayo nang dumating naman ang dalawang Black Hawk helikopter na puno ng sundalo, kwento ni Jing. Lalong napabilis ang lakad nila. Ang iba lakad-takbo na ang ginawa sa tindi ng takot. Rinig nila ang mga putok ng armalayt. Tantya nilang napapalaban na ang mga kasama.

"Kumusta kaya si Ka Julian," tanong ko kay Jing.

"Nasa bahay siya kagabi nagkokompyuter, pero umalis din bandang alas-dyes. Palagay ko hindi sa kanila ang bombahan kasi naiwan niya sa bahay ang mag-asawa ni Ka Loren. Alas singko pasado na umalis sa bahay," kwento ni Ka Jing.

Medyo napanatag ako sa kalagayan ng aking asawa at yunit pero naroon pa rin ang pag-aalala sa ibang mga kasama. Hindi ko maiwasang sisihin ang sarili. Mayroon yata kaming butas sa seguridad na di nakita. Sige ang balik-balik ng helikopter kahit walang naririnig na putok o pagsabog. Sigurado akong mga kasama ang binagsakan ng mga sundalo, pero di ko lang alam kung sinu-sino.

"Saan kayo ngayon pupunta?" tanong ko kina Jing.

"Sa byenan ko muna kami titigil," sagot ni Damian, asawa niya.

"Paano ang inyong anihin?" may pag-aalalang tanong ko. Malapit nang mag-ani ng palay noon, ang iba nga ay may mga regular na inaaning gulay na ibinebenta sa bayan.

"Hindi muna kami babalik sa baryo hanggat nariyan ang mga sundalo," sagot ni Damian.

Nalungkot at naawa ako dahil masasayang ang kanilang mga pananim.

"Pasensya na ha, mga kasama, nagulo tuloy ang anihan nyo," hindi ko maiwasang makonsensya.

Lumapit sa akin si Santa, pinsan ni Jing, at ipinatong ang kamay sa aking balikat.

"Wala kayong kasalanan mga kasama, masaya kami kapag nariyan kayo, hindi naman kayo ang nanggugulo sa amin," ani Santa. "Malaki nga ang tulong nyo sa amin. Parte din naman kami ng organisasyon. Hindi lang kami handang

humarap sa kaaway dahil alam nyo naman kung gaano sila kapasista.  Kaya kailangan naming magbakwet."

Napatango ako. Tama siya.

"Wag kang mag-alala, pwede naman uli tayong magtanim, nariyan lang naman ang lupa," dagdag pa niya sa akin. "Babalik na lang kami pag wala na ang kaaway. Mas nanghihinayang kami na baka hindi na matutuloy ang bagong programa ng PKM. Katatapos pa lang nating magplano at sabik kaming maisagawa ang plano nating proyekto. Pero paano naman nariyan na ang mga salot sa masa. Hindi naman tagarito yan na mga salot, aalis din yan at muli tayong magsasama-sama. Mag-iingat na lang kayo lagi at sana walang napinsala sa mga kasama."

Dalawa pang grupo ang nakausap namin ni Ka Onse matapos tumulak ang grupo ni Jing pa-bayan. Napadaan ang upisyal ng lokal na konseho ng baryo na madaling-madali dahil pinatawag siya ng mga residente ng Kolektibo. Mabilis namin siyang nakausap, at sinabi kong hindi ako makakasama sa kanya.

"Yung mga kasama na nabombahan, di nila masyadong kabisado ang lugar. Baka may mapahiwalay sa kanila, kayo na ang bahala," tagubilin ko.

"Ok lang, Ka Luisa, hindi ka talaga pwedeng sumama, siguradong marami nang sundalo dun, nakailang balik na ang helikopter.  Kami na ang bahala," basa ko ang pag-unawa sa mga mata niya at pangakong gagawin ang anumang kailangan.

Kahit papano, napanatag ako. Nasa kamay na ng mga taga-Barangay Kolektibo ang kaligtasan ng sinumang mapadpad sa kanila.

=======

**Ka Miyo**

Isa rito si Ka Miyo. Nang bumagsak ang mga bomba, hindi niya alam kung saan siya napatakbo dahil sa dilim. Nakailang beses siyang napatilapon sa impak ng pagsabog. Wala siyang makita o maramdamang kasama sa malapit. Pagkakatapos ng sabog, lakad-gapang ang ginawa niya hanggang makalabas ng gubat. Hindi malayo sa mga uma ng masa ang kanilang kampo. Sa loob-loob niya sa baryo siya pupunta. Alam niyang hindi malayo sa baryo sina Ka Luisa at Ka Julian, at napag-isipan niyang doon siya kokonsentra.

Nasa gitna siya ng hawan nang biglang may padating na helikopter. Napadpad pala siya sa ginawang landingan nito. Tinalon niya ang gilid ng kogonan, mabilis na mababang gapang. Sa taas niya, nagsasayawan ang mga kahoy sa lakas ng hangin na dala ng helikopter. Nang makalayo-layo, lakad-takbo ulit siya. Hindi niya alam kung nasaan ang baryo, basta nang makakita ng daan, sinugsog niya ito.

May nadaanan siyang sapa na may labahan. Nabuhayan siya ng loob dahil siguradong malapit na ito sa baryo o kaya ay may bahay sa malapit. Naghanap siya ng pagsusuksukan niya ng baril at *ammo pouch* niya. Hindi niya pwedeng dalhin-dalhin ito at baka may sundalo sa baryo. Matapos itago ang baril, naghugas siya ng paa at katawan sa sapa, sinugsog ang daan sa kabila ng sapa. Ilang minuto lang, nakita na niya ang kabahayan.

Parang normal ang kilos ng mga tao, pailan-ilan ang nakikita niyang naglalakad. Nasisilip niya sa pagitan ng mga bahay ang *pathway*. Dalawang sundalo ang nakita niyang naglalakad dito.

Kinabahan siya. "Patay ako nito, pag tinanong ako dito wala akong alam, walang kilala," sa loob-loob niya.

Bumalik siya sa sapa para maghintay ng maglalaba. Hindi pa nagtatagal, natanaw niya na may lalaking parating, may dalang *container*. Tumalikod siya at nagkunwaring naghuhugas ng paa. Bumaba sa sapa ang lalaki. Pagtingin niya, ngumiti. Nginitian rin niya sabay diretso nang pakilala.

"Kasama ako, kasama ko sina Ka Julian at Ka Luisa, napahiwalay ako sa kanila," diretsong pakilala ni Ka Miyo.

Tiningnan lang siya ng lalaki, kinilatis ang mukha. Ilang sandali pa, mukhang nagdesisyon itong magtiwala sa kanya. Maraming sundalo sa loob ng baryo, sabi niya.

"Pero wag kang mag-alala, isasama kita sa bahay," ayon ng lalaki na nagpapakilalang Nestor. "Ikaw ang magdala ng *container*, sumunod ka lang sa akin."

Diretso sila sa kabahayan. Kalma lang si Ka Miyo, kahit nakikita niyang may apat na sundalo sa harapan ng isang bahay na kita rin siya.

Tumawid si Nestor sa *pathway*, diretso pumasok sa pinto. Sumunod lang siya. Sa bilang niya, tatlong bahay sa tabi ng *pathway* ang may kaaway sa harapan. May 20 metros pa ang layo ng bahay ni Nestor sa *pathway*.

Pagkapasok niya sa bahay, idineretso niya sa nakitang kusina ang *container* habang kumuha ng tasa si Nestor. Inalok siyang magkape. Pagkaupo sa lamesa, unti-unting bumaba ang kaba ni Ka Miyo.

Maya-maya, pumasok sa kusina ang asawa ni Nestor. Kita niya ang tanong sa mga mata nito kung sino itong estranghero sa kanilang kusina. Sinenyasan lamang siya ni Nestor na 'wag maingay at pinakiusapan na ikuha ng mabibihisan si Ka Miyo.

Nagkape silang tatlo, at kalmadong pinag-usapan kung ano ang sasabihin sakaling may magtanong na sundalo kung sino siya.

=======

Tulad ni Ka Miyo, napahiwalay din ang isang tim sa *main body* nang bombahin ang kampo.

Kahit di nila gaano kabisado ang lugar, nagpasya silang lumabas sa gubat at dumikit sa baryo. Tantya nilang lahat ng pababang daan mula sa gubat ay siguradong papunta sa baryo.  Bagamat hindi sila kilala ng mga masa, tiwala silang hindi sila pababayaan ng mga ito.

“May malaking daan sa ibaba,” sabi ni Ka Gary, timlider ng grupo. Pumwesto muna sila sa maliit na gulod malapit sa daan.

“Dito muna tayo maghintay kung may dadaang masa,” aniya.  Tanaw ang baryo, maraming bahay nakahanay sa mga *pathway*. Tanaw din nila ang ilang sundalo. Alas-11 na noon at nagsisimula nang kumalam ang kanilang mga tiyan.

"Kailangan nating magpatulong sa masa para makaugnay tayo kina Ka Luisa," saad ni Ka Gary.

Bandang ala-una, talagang gutom na sila. Sa taas nila, nakailang balik-balik na ang dalawang Black Hawk na helikopter na naghahatid ng mga sundalo sa gubat kung saan sila nanggaling.

Maya-maya, natanaw nilang may paparating na isang babaeng may dalang kaing na galing sa baryo. Sinenyasan ni Ka Gary si Ka Boyong na samahan siya pababa para kausapin ito. Kunwari ay makakasalubong lang nila ito.

Nagmagandang hapon si Ka Gary, ngumiti naman ang masa, huminto at wari'y nagtatanong ang kanyang mga mata.

"Mga kasama kami nina Ka Julian at Ka Luisa, ako po si Ka Gary, napahiwalay kami sa mga kasama at gutom na gutom na kami," diniretso na ni Ka Gary ang pagpapakilala.

"Maraming sundalo sa loob at paligid ng baryo, magtago muna kayo at babalik ako," diretso ring sagot  ng babae.

"Ilan kayo? tanong niya. Nagkatinginan ang dalawang kasama, nangamba na sabihin ang bilang.

"Sige, di bale," sabi ng babae at pagkaraan ay dali-daling umalis.

"Ano kaya Ka Gary, mapagkakatiwalaan ba siya? Baka ipahamak tayo," may pag-aalalang tanong ni Ka Boyong.

"Hindi naman siguro, mukha namang sinsero," saad ni Ka Gary.  Sa pagmamadali, nakalimutan niyang itanong ang pangalan ng babae.

"Ang sabi ni Ka Luisa, organisado ang masa rito," aniya. "Magtiwala tayo sa kanila."

Bumalik sila sa kublihan para maghintay. Matapos ang halos isang oras, medyo nagduda na silang babalik pa ang babae. Pero kita nila sa daan ang iniwan nitong dala-dalang kaing.

Maya-maya lang at natanaw nila ang tatlong tao na parating, kasama ang babaeng nakausap nila. May dalang kaing ang isa. Mabilis na lumapit sa daan sina Ka Gary at Ka Boyong.

"Pasensya na kayo at natagalan kami, wala na kasing pagkain, nagpaluto pa kami," bungad ng nauunang lalaki. Pagkababa ng kaing ay mahigpit na kumamay sa kanila.

"Kumusta ang mga kasama?" tanong nila.  Halos napatulo ang luha ni Ka Gary sa tono ng matinding pag-aalala ng mga tagabaryo.  Pinigil niya ang luha na nais kumawala sa mata.

"Hindi rin po namin alam, madilim at di kami nagkapangita.  Lima kami dito na magkakasama," kwento ni Ka Gary.

"Hala, nasaan ang iba nyong kasama, gumilid muna tayo at baka may ibang

makakita," payo ng kalalakihang nagpakilalang sina Anselmo at Asyong.

Nagpakilala rin ang babae bilang Lani. Nagpaalam siya na didiretso muna sa kanyang halamanan at mamimitas ng gulay. Siya na rin ang magsisilbing *look-out*, aniya.

Habang naglalakad ay kalmadong nagkwento si Anselmo sa pwestuhan ng kaaway.

“Papunta sa gubat ang karamihan,” ulat niya. “Ang nasa baryo, nasa 50. Di gagawi ang mga yan dito dahil mukhang pokus nila ang pinagbombahan.”

Pagkarating sa pansamantalang pwesto, nag-usap ang mga Pulang mandirigma at masa kaugnay sa kanilang kalagayan. Naisip ni Anselmo na ipasok muna ang mga Pulang mandirigma sa baryo.

“Itago lang muna ang mga baril,” aniya. Dalawang armalayt at isang maiksing baril lamang ang nadala ng mga kasama. Tantya nilang ang dalawa pang HPR ay tumilapon sa lakas ng bomba. Ginapang nila pabalik ang pwesto matapos ang unang serye ng bombahan pero di na nila nakita ang mga baril.

"Delikado dito sa labas ng baryo, di namin kayo madedepensahan dito. Sa baryo maiiprente namin kayong kapamilya," paliwanag ni Anselmo, na upisyal din sa konseho ng barangay.

Sa usapan nila, dalawa ang didiretso sa bahay ni Anselmo, dalawa ang sasama kay Asyong. Ang isa ay sasabay pag-uwi ni Lani at magdadala ng pinitas niyang mga gulay. Nakatambay ang mga sundalo sa *covered court* at *barangay hall*, na medyo malayo sa target nilang mga bahay. Sa likod sila ng mga kabahayan papasok.

Pagpasok ng dalawang Pulang mandirigma sa bahay ni Anselmo, nagulat sila dahil may mga tao sa loob nito. Apat ang nakita nilang animo’y kaswal na nakaupo sa sala. Mga ngiting animo’y nagsasabing “ligtas kayo rito” ang bati sa

kanila ng mga ito.

"Magtimpla ka ng kape, Marge," bungad ni Anselmo sa asawa. Tila nakahanda na ang kape at ilang minuto lamang ay dala na ni Margie ang tatlong tasa ng kape sa kwartong pinasukan nila.

Sa araw na iyun, nakilala ng mga kasama si Maya, isa sa mga upisyal ng Partido sa lokalidad. Alam ng mga responsable sa baryo ang presensya nila, ani Maya at tinitiyak nilang ligtas ang mga mandirigma sa lugar.

Bumuhos ang pangangamusta ng iba pang mga Partidista at aktibista sa baryo. May mga nagpadala ng kung anu-anong makakain, kape, tabako, biskwit, kendi at iba pa.

Sa bahay ni Anselmo, ligtas pang natatanaw ng mga Pulang mandirigma ang bumibiling sundalo sa tabing tindahan.

======

Isa pang Pulang mandirigma ang nareskyu ng mga taga-Barangay Kolektibo sa araw na iyun. Sa ilalim ng pamumuno ng lokal na sangay, naitaguyod ang pangangailangan ng mga naligaw na mga kasama sa gitna ng rumaragasang operasyong kombat ng militar. Kolektibo nilang pinagpasyahan ang sunod na mga hakbang at tiniyak ang kaligtasan ng lahat, kapwa ng mga sibilyan at mga kasamang wala na sa katayuang lumaban.

Kinabukasan, nakipagkoordina ang mga taga-Barangay kay Ka Luisa, gayudin kay Ka Julian, na nasa kalapit na mga baryo. (Naka-*intact* na rin ang magkahiwalay na mga tim nina Ka Julian at Ka Luisa.) Binuo ang plano para ilabas sa baryo ang mga nareskyu na Pulang mandirigma. Nailusot nila ang mga ito sa kabila ng tadtad ng mga tsekpoynt ang mga daan, pagla-*logbook* at pagmamanman ng mga sundalo sa buong baryo. Mahigpit na disiplina ng paglilihim at sikretong pagmaniobra ang ipinatupad ng mga taga-Kolektibo kaugnay sa presensya ng mga kasama sa kanilang baryo.

Idinaan pa nila si Ka Miyo sa dalawang tsekpoynt, na isinama nila sa bulto na mamimyesta sa kabilang baryo. Sige lang ang kwentuhan ng kung anu-ano ng mga kasama niyang mamimyesta, tawanan at biruan sa harap ng mga sundalo. Ni minsan ay di nila pinag-usapan o tiningnan si Ka Miyo  para daw di siya mahalata ng mga sundalo. Pagdating sa kabilang baryo, binusog muna nila si Ka Miyo sa handaan bago nila inihatid kay Ka Luisa.

Sa sumunod na mga araw, tuluy-tuloy ang pagsisikap ng mga tim ng Pulang mandirigma na wala sa lugar na binomba para ugnayan at ireskyu ang bulto ng yunit na nabomba. Katuwang ang matatapang at militanteng mga Partidista, aktibista at masa ng Barangay Kolektibo, naigpawan ng Pulang hukbo ang oras ng kagipitan at napreserba ang mayorya ng lakas nito.

Ipinamalas ng karanasang ito, at marami pang ibang maliit at malaking pagsisikap ng Barangay Kolektibo at mga baryong katulad nito, na walang makagagapi sa rebolusyonaryong kilusan hanggang mahigpit ang pagkakaisa at disiplina sa pagitan ng Partido, hukbong bayan at masa.



*Sumulong sa Pulang landas*
*ni Kyreo Tablo*
*Disyembre 2024*



# WE ARE TRAITORS TO OUR CLASS ORIGIN

*by Soral Malaya*

*We are traitors*
*to our Class Origin...*

*We speak of comfort,*
*not by seeking self-serving purposes;*
*but by selflessly committing ourselves*
*– in serving the masses.*

*We speak of commitment,*
*not by being a tool and appendage*
*of the ruling classes;*
*but by being an instrument,*
*for class emancipationnam and*
*societal change,*
*– for the proletariat and whole toiling*
*classes.*

*We speak of fulfillment,*
*not by receiving merits and rewards*
*based and dictated upon by*
*bourgeois standards;*
*but by simply being welcomed*
*and warmly greeted by our masses*
*whom we serve and dedicate:*
*our youth...*
*our strength...*
*our skills...*
*and our whole lives.*

*We are traitors*
*of Our Class Origin.*

*October 31, 2023*
*09:42 AM*
*Sierra Madre*

# TAYO'Y MGA TAKSIL SA'TING URING PINAGMULAN

salin nina Ka Rakel at Ka Abay

Tayo'y mga taksil
sa'ting uring pinagmulan...

Nangungusap tayo ng kaginhawaan,
'di sa pagsasauna ng pansariling interes;
kundi sa walang pag-iimbot na pagsisilbi sa masa.

Nangungusap tayo ng dedikasyon,
'di para magpagamit sa naghaharing uri;
kundi upang maging instrumento
ng panlipunang pagbabago't paglaya ng mga uri
– para sa proletaryado't malawak na masang naghihikahos.

Nangungusap tayo ng pagka-kuntento,
'di sa pagtanggap ng mga parangal at papuring
nakabatay at dinidiktahan ng mga burges na pamantayan;
kundi sa simpleng pagtanggap at mainit na pag-akap
ng masang ating pinagsisilbihan:
ng ating kabataan...
ng ating lakas...
ng ating kakayanan...
at ng ating buong panahon at buhay.

Tayo'y mga taksil
sa'ting uring pinagmulan.

# Ang komportable sa di komportable

*ni Soral Malaya*

Hinahanap ko parati
ang mga bagay na komportable
sa kaibuturan ng pagiging
di-komportable nila

Gaya ng:
Sa kabila ng milyang paglalakad
na hatid ay pawis na tumatagaktak
pagsakit ng mga balikat, binti't kasu-kasua'y
anong ginhawa naman kapag naririya't
kaharap mo na ang mga masang
iyong pinag-aalayan ng buhay?

Gayundin,
sa kabila ng mga sakripisyo't kahirapan,
pagod, puyat, at kagutuman
ay anong galak namang hatid
sa tuwinang sama-sama't sabay-sabay
na nating pinagsasaluhan
ang mainit na kape't pagkaing
inilusot ng mga masa't kasama sa butas ng karayom
makarating lamang mga panustos
sating mga pwestuhan?

Komportable sa kaibuturan ng mga di-komportable...



*Isang mainit na pagtanggap*
*ni Kyreo Tablo*
*Disyembre 15, 2024*



Tama nga bang sabihing, hinahanapan ko lamang
ng positibo ang mga bagay
na negatibo?
At negatibo nga bang maituturing,
ang pagbata sa kahirapan, sakripisyo't kamatayan;
ang pagpili na tahakin ang landas ng rebolusyon
bilang panghabambuhay na panata't
alay sa uring api't pinagsasamantalahan?

Komportable sa kaibuturan ng mga di-komportable...

Ipagpatawad mo kung ako'y nagkamali.
dahil ang hinahanap ko pala talaga
ay ang mga bagay na higit na komportable
sa kaibuturan ng pagiging komportable na nila

Gaya na lamang ng:

Totoong bago ang balsada
ng muling pagdadaupa
sa mga masang matagal nating
di nakasalamuha'y
Ilang araw na lakbay muna
ang kolektibo nating gugugulin?
Ilang ahon at lusong muna
sa mga kabundukan ang ating susuungin?
Ilang mababatong ilog at sapa muna
ang sama-sama nating tatawirin?
At ilang sitwasyong militar muna

ang matiyaga nating aaralin
matiyak lamang na walang makahahadlang
sa muli nating pag-abot
sa mga masang matagal na tayong inaasam na makita?


Ang higit na komportable sa kaibuturan ng mga bagay na komportable...

Ito yata ang mas akma.
Gaya na lamang ng:
Ang pagpili ng buhay
sa piling ng masa't hukbong bayan
na ang maituturing na
pinakamakatwiran,
pinakamakatarunga't
pinakamasayang
desisyon ko sa buhay.

At ang buhay-rebolusyon na'to'y
higit na masaya
dahil kapiling kita,
mahal kong Asawa't
ating magiging Anak.

*Mayo 16, 2023*
*11:59 PM*
*Sierra Madre*







# "WELCOME"

Lampas na sa salimuot ng syudad,
ay ibang kapaligiran na;
- ang kagyat mong pakikitunguhan:

Di na patagang 'yong lalakaran
Bagkus ay mga ahuning matatarik at
mga lusunging malalalim na ang 'yong
arawang babagtasin.

Huwag mong maipagkakamali.
Dahil normal lamang na ika'y maibubuwal
ng mga 'di mapagkompromisong mga
batong madudulas,
ng tubig na kung rumagasa'y pagkalakas,
at ng mismong kakapusan pa ng 'yong
sariling panimbang at pisikal na lakas.

Normal lamang ang lahat ng 'to

Kung paanong sa'ting pinaka-kaibuturan,
sa kabila ng mga karagdagang mga hirap
at sakripisyo'y ang higit na mas matimbang:
— ay yaong walang pag-iimbot na
paglilingkod natin sa sambayanan.

Normal lamang ang lahat ng 'to

At, sa unang araw mo sa Hukbong Bayan,
salubungin mo ng mahigpit na yakap
ang kabundukan,
ituring mong tahanan ang kagubatan,
pagkat ito ang magsisilbing muog mong
bakal at kubling likuran!

Gayundin, ang malawak na masa'ng 'yong
pinaglilingkuran, ituring mo na'ng pangma-
tagalang sandigan, para sa pagbubuo't
pagpapatatag ng 'yong makauring paninindigan.
Maligayang Pagdating sa Bagong Hukbong
Bayan! -Sora Malaya, 2023 0419, 0443PM, Sierra Madre

# Sangandaan ng paglaya

*ni Ka Gero*

Kailan kaya sa bigat na dala
Masasanay itong mga balikat
Kailan kaya sa madulas na lupa
Itong mga paa'y matututong lumapat
Kailan kaya itong hininga
Ay di na kakapusin sa mga pag-akyat
At ang mahabang paglalakad kaya
Kailan di magiging mahirap?

Kailan kaya?
Maaaring sa nalalapit din, maaaring hindi pa.

Sa mga tanong din nagsimula
Ang pagtahak ko sa landas ng pakikibaka

Bakit nga ba iilan lamang
Ang mga batang natututong magbasa
Bakit nga ba may tahanang kaliwa't kanang ginigiba
Bakit nga ba limos lamang ang halaga ng lakas-paggawa
At silang sa lupa'y lumilinang bakit sa gutom mismo ibinubuwal?

Bakit nga ba?
Ang mga kasagutan ang nagtulak sa akin na makiisa.

Patuloy akong dinadalaw ng mga tanong
Ako ba'y handa na sa mga hamon ng sakripisyo

Patuloy akong tinatanong at hinahamon
Ako ba'y handang tumugon sa tawag ng panahon
Patuloy akong hinahamon na tumugon
Tumugon sa tawag ng armadong rebolusyon
Patuloy akong dinadalaw ng tanong
Hinahamon, inaantay na maagap na tumugon.

Dahil ngayon, higit kailanman
Sa yugto ng pagpapaigting ng ating labanan
Higit na kinakailangan
Na dating kahinaa'y maigpawan
Mga simpleng kahinaang lubos na pangingibabawan
Dahil ngayon, higit kailanman
Kailangan ako sa digmang bayan.

*(Si Ka Gero ay isang integri mula sa Maynila at nagtapos din sa isang linggong kras kors ng ICT na nilahukan ng mga integri at mga kabataang aktibista sa kanayunan.)*

# PAGSASANAY

*ni Ka Ainee*

Ang digmang bayan ay isang panghabang-buhay na pagsasanay
mula sa pagpapalakas ng katawan
hanggang sa pagpapalakas ng paninindigan.
Hindi ba't mulat ka na sa tunay na kalagayan?
At alam mo, alam mong ito lamang
isang makauring digma lamang ang tanging kasagutan
tanging tugon sa daing ng bayan.

Di nga ba't kailangang magsanay sa paggising nang maaga
pag-ehersisyo, pagiging maagap sa lahat ng oras
di nga ba't naging kabahagi ka rin sa paglutas sa problema ng masa?
Nag-aral mula sa kanila habang tinuturuan din sila't iminumulat ang kanilang mga mata
Hindi ba't ngiti pa rin ang sumisilay sa pawisan mong mukha
Matapos ang mahabang paglalakbay, kasama...
Iyon pa lamang, isa nang pag-igpaw, makabuluhang tagumpay.

Lalo pa ngayo't sinanay ka
Sa mga batayang pamamaraan ng pagdepensa't maniobra
Laban sa halimaw ng estado na kilalang kilala mo
Sila yaong nangwasak ng inyong hanay sa mga kilos protesta
Protektor ng mga panginoong may lupa tuwing may dayalogo o komprontasyon
Ang mersenaryong haligi ng naghaharing uri

Hindi ba't kay sarap isipin na kayang kaya mo na silang harapin at gapiin
Dito, dito sa larangan kasama ang hukbo at mamamayan
Itatatag natin ang Pulang kapangyarihan

Kung gagap mong dito ka higit na kinakailangan
Subalit may puwang pa rin sa isipan ang pag-aalangan
Hindi ba't ito'y pangkaraniwan
Walang katapusang tunggalian

Pero...
Sana...

Sa gitna ng lahat ng ito
Titindig ka't hindi na bibitaw sa sandata
Sa gitna ng lahat ng ito
Alalahanin mo
Nang araw na ito itinaas mo ang kanang kamao
Sa harap ng Pulang bandilang may karet at maso
At sumumpang babaguhin ang mundo

Ang digmang bayan ay isang panghabang-buhay na pagsasanay
Dito bawat pagtatapos ay simula ng panibagong antas ng mga hamon at pagsubok
Sabay sa pag-igting ng digma!

*(Si Ka Ainee ay isang makatang Pulang mandirigma.)*



*Iginuhit ni Ka Amado*
*2024*

# SUMAMPA KA

*mula sa Benito Tesoro Command-South Isabela*

(Awit) kung nais mo'y sumampa ka
Sa armadong pakikibaka
Laban sa imperyalista
Nang ang bayan ay lumaya
(pause / tuloy ang instrumental)

(Tula) dahil sa tulad mong nagbubungkal
Lupa, karapatan at kabuhayan ay ipinagkait
Ng dayong daang taon nang sayo'y lumulupig
Ano't di ka magbalikwas at tumindig

(Awit) paalam kababata, paalam sa inyong lahat
Ako ay patutungo sa larangan ng digmaan
Huwag kayong malulumbay sa ating paghihiwalay
Ito ay di habang buhay sa atin ang tagumpay
Huwag kayong mangangamba sa panganib na nakikita
Alay ko ang aking buhay sa tagumpay ng inang bayan

(Tula) dahil hindi makatarungan ang kapalit
Ng likha mong puhunan ay pawis, dugo ang kapalit
Sa pagkamit ng dakilang adhikaing baguhin ang daigdig
Ano pang sakripisyo ang di magagagap
Ng masidhing paglaban para sa kalayaan

(Awit) pagpasok sa hukbong bayan
Pag-aralan nang lubusan
Huwag kayong mag-alangan
Pagsampa'y pinaghahandaan

(Tula) bigyang laya at armasan ang kaisipan
Bakahin ang takot at pag-aalinlangan
Ilaan ang buong buhay, lakas at panahon
Talino't kakayahan

Sa pagwasak sa bulok na sistema
At paglikha ng bagong lipunan
Rebolusyonaryong prinsipyo mahigpit na tatanganan
Mula sa init ng mga riple mga punglo'y magsasalimbayan
Sabay sa mas maigting, mas mataas na antas ng digmang bayan!!

SUMAMPA KA



*Iginuhit ni Ka Amado*
*2024*

# PASYA

*ni Ka Yuni*

Paano ba maparami ang batayang yunit ng BHB?
Na tutulong sa gawain ng ARPAK, AGREB at base?
Tanging ang Partido lamang, gabay sa pagkilos ng masa
Kaya ang panawagan, "halina mga kasama, samahan na natin sila!"
Paano ba ang pag-*level-up* sa ating isip?
Mapatimo na ang lahat ay para sa anakpawis
Ang araw-araw na pag-alpas sa pagtitiis
Ay pagpanday sa lakas ng paghihimagsik.
Tayong mga Pulang mandirigma ay hindi dapat mag-alala
Ano man ang hirap at takot, para sa pag-angat ng disiplina
Hindi dapat bumaba ang *morale*, laging may pag-asa!
Para sa paghubog sa 'di magagaping pwersa.
Laging tinatanaw ang mapulang silangan
Bulkang sasabog, dadagundong ang mamamayan
Sa pagwawakas sa ilang taong paghihirap
Kamao ay tataas sa maaliwalas na bukas!

*Marso 2020*

*(Ito ay isang tula ni Ka Yuni (Rosalino Canubas) sa BKPM ng NPA-Cagayan na idinaos noong Marso 2020 sa Mabuno, Gattaran. Isa siya doon sa nangungunang tagapagsanay. Napatay si Ka Yuni sa isang labanan sa pagitan ng RSDG at 86th IB sa San Mariano Sur, San Guillermo, Isabela noong Marso 16, 2021. Siya ay nagsilbing kumander ng Regional Operations Command ng NPA-Cagayan Valley (Fortunato Camus Command) mula Agosto 2016 hanggang Marso 2021.)*

# Tagumpay

*ni Ka Yuni*

Ang Bagong Hukbong Bayan, patuloy na naglalakbay
Ang mga sarili, mulat na pinapanday
BKPM, ibinibigay na pagsasanay
Sa layuning makamit, ganap na tagumpay.
Treynors ay nagpipito sa oras ng alas kwatro
Isa, dalawa, tatlo, sabay-sabay ang bilang ng ehersisyo
Hinuhubog ang isip sa pagiging proletaryado
Sabay ang bagsak ng mga paa patungong sosyalismo.
*Rolling*, *rushing*, mga indibidwal na kasanayan
*Teamwork* at determinasyon, nagpapawalang-bisa sa pagtawid sa mga harang
Maging ang firing position at triangulation ng sandata
Paulit-ulit na sinisipat bilang pamilyarisasyon sa pagtudla.
Sa mga ambus itinuturo ang putok at maniobra
Platun at kumpanya, pinapalo sa kaliwa't kanang plangka
Atas ng kumander, "Asolt! Kunin ang pormasyong *caret*."
Kaaway ay nagulat, tagumpay ay nakamit.
Hindi natatakot ano man ang kahirapan
Sa pagkilos laging nangunguna ang disiplina't kasigasigan
Pawis at dugo ang tanging puhunan
Pero mahigpit na iniiwasan, hindi kailangang sakripisyo't kamatayan.

*Marso 2020*

TAGUMPAY




**Silulukat ti amin a larangan a gerilya iti Cagayan Valley para kadagiti disnudo nga agserbi iti umili a kas maysa nga NPA.**

**FORTUNATO CAMUS COMMAND | NEW PEOPLE'S ARMY – CAGAYAN VALLEY**

# Balagtasan: Duralite o Dragon Titan

*mula sa ST*

**Ka Pulpog (Lakandiwa)**
Maganda ang umaga, maganda rin ang hapon
Yan ang aking pagbati, depende sa panahon
Kung kanina tayo'y kalat, ngayo'y natitipon
Magtagisan ng katwiran, sa iisang layon

Kasamang Pulpog po, gagampang Lakandiwa
Titilad sa pagalingang sa isip humihiwa
Katulong kayong hihiyaw kapag natutuwa
Pwedeng sampolan ako ng palakpakang bigla?

Maraming salamat po, kontrol lamang ang ingay
At baka lumampas ang kaguluhan sa bantay
Magkakasayahan tayong alerto pa ring tunay
At ang palalong Army baka andya't sumalakay.

Sa aking gawing kanan, inyong mamamasdan
Ang mambabalagtas ng Iskwad-walang-atrasan
Matibay, matigas, suong sa lahat ng laban
Suot-suot ang sipit, tawag ay Dragon Titan!

Sa akin namang kaliwa, inyong kaliskisan
Hindi isda, hindi palos, walang dulas sa daan
Makapal, makunat tumatagal nang taunan
Duralite kung tawagin, ating palakpakan!

Umupo nang husay at ihanda ang pandinig
Magsisimula na ang tagisang sa'ti'y yayanig
Labanan ng sinelas, husay ng kanilang tindig
Labanan ng tindig, sino kayang madadaig?

**Ka Pete (Duralite)**
Pedro ang pangalan, Peter po kung Inglis
Paiksiin kaya natin, Ka Pete sa mabilis
Ganyan ako sa lakaran, ap tu da pinis
Sa suot kong Duralite, NPA walang mintis

Limang labanan sa labingwalong araw
Ni minsan hindi nadulas, hindi bumitaw
Bra-ta-ta-ta-tat ang putok ng armalayt!
Sigaw ng isip ko'y – payt – laban – payt!

**Ka Logan (Dragon Titan)**
Pambato po ako hindi lang sa tumbang-preso
Miski tanungin mo pa ang Kumander kong gwapo
Kasamang Logan po, sipit itong paborito
Tatak ng gerang maapoy, Dragon Titan ito!

*Three-zerong standing*, sa depensibang labanan
Tatlong sagupaang wala itong inatrasan
Panalong lahat, gulping kaswalti sa kalaban
Gulpi rin ang puna sa enkwentrong di-naiwasan!

**Ka Pete**
Simulan natin sa kapal, sa kunat at tibay
Ang aking Duralite katulad ng Sangay
Kung umeksakto sa sukat, may PKP ng gabay
Tiyak mong maaasahan, ‘gang sa tagumpay!

**Ka Logan**
Yang iyong sinelas, kapag tinak-aman
Malilito ang masa, malamang mapagkamalan
Na kombat ng pasista ang nangagsidaan
Samantalang sipit ko, mayumi sa damuhan.

Tulad ba kamo ng Sangay? Komsek ang akin, Bay.

**Ka Pete**
Paano kang tatagal, ay pagkakanipis mo
Sa tuod ng Hagonoy, baka ika’y sumuko
Kaunting lakad laang, kaya mong sakripisyo?
Kay haba ng digmaan, gaya nitong pagtatalo.

Kaya nga Duralite, dahil ito’y *durable*
Tulad ng prinsipyo ko, *you can make it* dobol

**Ka Logan**
Baka Duralas?! Hep hep hep, kapal ang sukatan?
Tiyaga ang mahalaga sa ating Digmang Bayan.
At anong dobol-dobol, doble ang babayaran
Mahal mong sinelas, wamporti, aki’y sebenti lang.

Tama ang tinuran kong tiyaga ang kailangan,
Idagdag mo pa itong tumaingat na hakbang
Planado ang lakad, direksyo't pupuntahan
Sa ganyan Kasamang Pete, lalapit sa hantungan.

At ang Dragon ko'y hindi basta yumuyukod,
Butas at pigtal na'y sige pa rin ang sugod
Gaya ng prinsipyo kong, hindi yumuyuko
Pagod at pagal ma'y natalima sa sugo.

**Ka Pete**
Aba! At anong akala mo, ako'y paraatras
Baka mapasubo kang walang katumbas

**Ka Pulpog**
Oy teka, teka! Antay ka muna mga sinelas
Baka tumalsik ang dugo, wala akong pamunas
Ipapaalala kong sa ati'y bawal yaring dahas
Sa pasista lamang ang antagonistikong lunas.

Tandaan nyong kayo'y manunula, at manunudla
Kaya may tungkulin, responsibilidad sa madla
Pananagutan ninyo bibitiwang talinghaga
At patatamain sa kaaway mapabala o salita

Kung gayo'y bumalik tayo sa gitgitan ng goma
Paninindigan ng sinelas, sinong matatag sa kanila

**Ka Pete**
Tulad ng 'ika ko'y di ako umaatras
T'wina'y pasulong sa'n man dumako ang bagnas
Kumalyo sa daliri mapait kong danas
Gintong aral sa pagsikad laging katumbas

**Ka Logan**
Yun na nga ang 'ika ko, ako'y hindi susuko
Buhay nga ay alay, ito pang bang sinelas ko
Ang hindi magbuwis ng pudpod, ay mapabato—
Mapa-anapig, mapadahilig, patag-liko

**Ka Pete**
Huwag n'yong husgahan makapal kong sukat
Pleksible ito alinmang bundok at gubat
Ganyan ang Duralite, sa gerilya na hakab
Ganyan ang Hukbo, sa mamamayan ay tapat.

**Ka Logan**
Huling hirit ba 'to, kasamang Lakandiwa?
Nag-iinit pa lamang pinagbagang wika
Pansin kong si Ka Pete, malapit nang maluha
Talas ng linyada ko sa kanya'y humihiwa

Subok akong matibay, subok na matatag
Hukbong di magagapi sa 'ki'y nakatatak
Sukdulang mapigtal kung sa aking pagtahak
Sa kauring api, dugo ko'y ipapatak

**Ka Pete**
Ikaw Ka Logan, kay hilig mong mamatay
Hunos-dili baga, wala munang bangkay
Sa ating pagtatalo, sinelasang usapan
Isuksok mo sa paa, este dyan sa isipan

**Ka Pulpog**
At diyan nagtatapos ang ating timpalak,
Bago ko husgahan nasaan ang palakpak
Kay Ka Pete malupit, bigyang isang bagsak
Si Ka Logan haragan, bagsakan din agad

Kung ako ang titimbang sa kanilang tibay
Parehong huwaran, matatapang na tunay
Ibubuwis ang lahat sa paggapi sa kaaway
Matapilok-mapatid alay pati buhay

Ang sinelas natin ay tulad ng panata
Kapag bagong sambit, matibay sa diwa
Susubukin ngayon kapag naglakad
Tatagal ba sa lakbay ‘gang saan ang tatag

Mayrong kaunting lubak, doon naliliay
Mayrong kaunting hirap, doon napipilay
Mayroon namang pigtal na, sige pang sikhay
Mayr’on namang yapak na, sige pang salakay

Kung ang limampu’t limang taon ang panukat
Sinelas nating gamit baka halaga na’y limpak
Ngayo’y ikatlong yugto na ng pagtutumpak
Nang nabalahong lakbay, muli nang iusad

Kung gayo'y di sinelas ang dapat sukatin
Kung gayo'y itong paa ating siyasatin
Kung kaya ba nitong umigpaw sa balakid
katawa'y nakatindig, liyad itong dibdib

Masdan ang mga paa ni Ka Pete at Ka Logan
Pinakapal ng kalyo, subok sa kahirapan
Kahit walang sinelas, purbadong lalaban
Oo, mga kasama! Yapak ang Hukbong Bayan!

---

*(Sabay-sabay sisipa sa hangin, pagkatapos ay yuyuko ang Lakandiwa at mambabalagtas)*

*Tala ng may-akda: Ang unang Balagtasan ay naganap noong Abril 6, 1924. Mula noon ang sining ng timpalak sa pagtula ay nagpatuloy na mamayagpag, nagbanyuhay sa pakitang-gilas ng pagkabihasa ng isang makata sa wikang Filipino. Naging makapangyarihang daluyan din ito para ialok at mapalahok ang publiko sa mga isyung pulitikal at panlipunan.*

*Taliwas sa kalakhang paniniwala, ang matulaing debate na tinatawag na Balagtasan ay hindi nilikha at/o pinasimulan ng naunang makatang si Francisco Balagtas, sa halip ito ay ipinangalan bilang pagkilala sa kanya. Si Jose N. Sevilla na makatang Tagalog at kuwentista ang lumikha ng salitang "balagtasan".*

*Sa rebolusyunaryong kilusan sa kasalukuyan, ang muling pagpapakilala sa sining ng Balagtasan ay maaring maging mabisang paraan upang iparating ang mga hangaring pambansa-demokratiko ng sambayanan, ang katangian ng kaaway at ang buhay-at-kamatayang mga kuwento ng pakikibaka ng masang api.*

*Ngayong 2024, sentenaryo ng Balagtasan, magandang pagkakataon na ibalik ang pagkakahilig ng masang Filipino sa kinagigiliwang tunggalian ng mga tugma at talinghaga.*



*Mula sa CV*
*2017*

# Bukanegan: Ti Pudpudno nga Hukbo ti Umili

*ni Ka Georgia*

**Introduksyon:**

Naimbag nga aldaw yo amin kakailian
Ita intayo mangngegan, maysa a bukanegan

Imutektekan dagiti punto, benneg nga aglinnaban
Ta inda buksilan kasasaad ti kaaw-awayan.
Intunaran a nalaing ta inda irugrugi
Tapno mapagdileg ti umno ken mali
Ken siasinno ti pudpudno nga agserserbi—
Soldado ti babaknang wenno New People's Army.

**Soldado:**
Pudpudno a salaknib, dakami dayta
Mapangnamnamaan, urnos ken kappia
Aglalo kadagiti apo't daga, komprador burgesya
Tungpalen mi kayat da, awan panagduadua

**NPA:**
Manipud iti masa, agturong iti masa
Nairut a petpetan, tres-otso disiplina
Dayta ti tarabay Nalabaga a gerilya
Tapno mapairut landok a panagkaykaysa.

**Soldakes:**
Linak ken talna, ipaay mi kadakayo
Nu agyan kam' iti balbalay, eskwelaan ken baryo
Laketdi alawans ken abasto mi kompleto—
Arak ken pulutan inbaliktad a karne aso.

**NPA:**
Linak ken talna, kunayo?
Isu met laeng binnugbugan ken sugal awan preno.
Nasaknap a panagtatakaw, aramid yo a salawasaw
Uray pay baket ti kaarruba, kayat yo a maagaw.

**Soldakes:**
Nataraki ngarud, gagangay ti soldado
Trabaho mi ti agbiruk kabusor ti estado
Ngem nu maminsan makapungtot ti numo
Nu agulbod dagiti masa, ta isalakan da kayo.

NPA:
Buribor lang ti ipaay ti inkayo iyuumay
Pammutbuteng ken riribuk, umili maupay
Operasyon a kombat, paniktik ken saywar
Pudno a galad, sigurado mapaay.

**Soldakes:**
Nasingpet kami met ket
Tumulong kam' agbilag, mais ken irik
Adda pay libre a pukis, tsek-ap ken kugit
Ta ay-ayten mi ti masa, tumuknosadilangit.

**NPA:**
Ubbaw a tulong, pammarang a serbisyo.
Panangibaba interes ti pautang, inkam intantandudo
Kumpiskaren dagdaga, despotiko nga hasyendero
Libre nga iwaras kadagiti awanan ken naikulbo.

**Soldakes:**
Apay ibaba ti interes ket isu pagbaknangan?
Gwardiyaan mi pay hasyenda ni madam,
Security iti minasan ken dagiti makinarya,
Bassit lang a panangkigtot, daga ti masa maala.

**NPA:**
Nu awan ti hukbo, awan aniaman ti umili
Karbengan ken kalikagum da, salsalakniban mi
Nu adda manggandat, daga a guyoden
Murdong ti paltog, inkam paggumluongen.

**Soldakes:**
Nagadu la amin a lablabidem
Bomba ken kanyon, nakaposisyonen
Bibiang mi pay nu sibilyan mairaman
Basol da ah, ta naggigyan da't kabakiran.

**NPA:**
Papel a tigre, awag kadakayo
Natured lang ta adda armas, tangke ken sweldo
Ngem ti NPA, natured ta adda prinsipyo
Saan a mabaybayadan uray ania a kanito.

**Soldakes:**
NTF-Elcac: sungbat iti komunista a ganuat
SBDP: sungbat iti panagrigrigat
Mandar ti US: kontra-insurhensiya a gubat
Tapno komunista maparmek ken mapaksiat.

**NPA:**
Naibaga daytan idi agsursuro ken agdadamo
Ngem limapulo ket lima a tawenen ti Partido
Natenneben iti kapadasan ken adal napno
Teorya a tarabay, Marxismo-Leninismo-Maoismo.

**Soldakes:**
Ania kadi iti nagbanbanagan yo?
Sumuko kay ketdi, ibbatan ti armas yo
Agur-uray kadayo programa ti gobyerno
Tapno natalna a panagbiag lak-amen a pudno.

**NPA:**
Inggana't malakolonyal malapyudal, agraira a sistema
Sosyo-ekonomiko a krisis, agnanayon latta
Masapol rabsuten bileg pampulitika
Mangmangged ken mannalon, basaran nga alyansa.

**Soldakes:**
Iggem ti among mi, ekonomya ken politika
Linteg, korte, pagbaludan, armado a pwersa
Isu awan maaramidam, tanem pagtungpalam
Ta kinakbaknang ken turay, bileg ket ipaidam.

**NPA:**
Nabileg nga igam: Partido, Hukbo ken umili
Ramen ti gubat: Arpak, agreb, base
Manipud ti aw-away, rauten mi ti kuta
Gerilya a taktika, maklaat ka latta.

**Soldakes:**
Saan kay pulos agballigi, intun kaano man
Ta estado poder inkami salakniban
Saanen a mabaliwan sistema a pangkagimongan
Agari ti babaknang inggana't panungpalan.

**NPA:**
Linteg ti pakasaritaan, saan a maigawid
Agbugbugsot nga imperyalismo, saanen a matawid
Balligi ti rebolusyon, saan a malappedan
Proletaryado mangidaulo, anakling-et mawayawayaan.

**Pananghusga:**
Intay naimatangan ti inda nagdumaan
Itan ti kanito tapno intayo husgaan
No siasinno ti pudno nga agserserbi
Iti pagimbagan ken interes ti umili.
Babaen iti palakpak intay ida keddengan
Soldados ti babaknang?
New People's Army?
Umili ti nangngeddeng, husga da ket sapasap—
Agbiag ti NPA! Salaknib ti marigrigat!

*Manipud iti Baringkuas, Enero-Marso 2024*

# Balagtasan: Ang Tunay a Hukbo ng Mamamayan

*ni Ka Georgia*

**Introduksyon:**
Magandang araw sa inyong lahat mga kababayan
Ngayon ating matutunghayan, isang balagtasan
Gagapin ang bawat punto, panig na magkalaban
Sapagkat kanilang hihimayin, kalagayan ng kanayunan.
Ating nang simulan, pakinggan nang maiigi
Upang mapagkumpara ang wasto at mali
Sino nga ba ang tunay na nagsisilbi—
AFP na sundalo ng mayayaman o Bagong Hukbong Bayan?

**AFP:**
Tunay na tagapagtanggol, kami iyan
Tiyak na maaasahan sa kaayusan at kapayapaan
Laluna sa mga burgesya komprador, panginoong maylupa
Katapatan sa imperyalista kami'y sumusumpa.

**BHB:**
Mula sa masa, tungo sa masa
Mahigpit na panghawakan, tres-otso disiplina
Iyan ang gabay ng Pulang gerilya
Upang mapahigpit, bakal na pagkakaisa

**AFP:**
Katahamikan at kapayapaan, hatid namin sa inyo
Pag naghimpil kami sa kabahayan, eskwelahan at baryo
Basta't alawans at suplay kompleto
Alak at pulutang binaliktad na karne ng aso

**BHB:**
Katahimikan at kapayapaan ba kamo?
Kaya naman pala bugbugan at sugal walang preno
Laganap na pagnananaw, kagagawan ninyong mga salot
Kahit pa misis ng kapitbahay gusto ninyong masulot.

**AFP:**
*Snappy* kasi, natural sa sundalo
Trabaho namin, tugisin kalaban ng estado
Pero minsan galit ay namumuo
Pag ang masa nagsisinungaling para iligtas kayo.

**BHB:**
Perwisyo lang ang hatid ng inyong pagdating
Pananakot at kaguluhan, iyan ang hinaing
Operasyong lambat, paniktik at saywar bibiguin
Inyong tunay na pakay tiyak na mabubuking.

**AFP:**
Kami naman ay mababait
Tumutulong magbilad ng mais at palay
May libre pang tuli, tsek-ap at gupit
Iyan ang serbisyo sa masa na aming alay.

**BHB:**
Hungkag na tulong, bulok na serbisyo kamo
Pagpapababa sa interes ng utang, aming ipinaglalaban
Kumpiskahin ang lupain, despotikong hasyendero
Libreng ipamahagi sa mga wala at kulang.

**AFP:**
Bakit naman ibababa ang interes eh doon nga yumayaman?
Binabantayan namin hasyenda ni madam
*Security* sa pagmimna at mga makinarya
Kunting sindak lang, lupa ng masa makukuha.

**BHB:**
Kung walang hukbo, walang ano man ang masa
Karapatan at kapakanan nila, aming ipinapanguna
Kung may magtangkang lupa ay agawin,
Dulo ng baril, aming paaalingawngawin.

**AFP:**
Ang dami mo namang satsat
Bomba at kanyon matagal nang nakapakat
Wala kaming pake kung sibilyan ay madisgrasya
Kasalanan nila, sa gubat kasi nakatira.

**BHB:**
Tigreng papel, tawag sa inyo
Matapang lang dahil may armas, tangke at sweldo
Pero ang BHB, matapang dahil sa prinsipyo
Hindi nababayaran, kahit kailan, ng kahit sino.

**AFP:**
NTF-Elcac: sagot sa komunistang adhikain
SBDP: sagot sa mga suliranin
Dikta ng US: kontra-insurhensiyang gera
Upang mga komunista'y, madurog at mapuksa.

**BHB:**
Nasabi na iyan noong nagsisimula pa lamang
Ngunit limampu't limang taon na ang Partidong namumuno't lumalaban
Nahasa na ng mga lagom na karanasan at sa mga aral ay natuto
Teoryang gabay, Marxismo-Leninsmo-Maoismo.

**AFP:**
Sa limang dekada ano bang napala ninyo?
Ibaba ang armas, sumuko nalang kayo
Naghihintay sa inyo, programa ng gubyerno
Upang mapayapang pamumuhay, matamasang tunay.

**BHB:**
Hanggat malakolonyal malapyudal umiiral na sistema
Sosyo-ekonomikong krisis pamalagian pa
Dapat agawain kapangyarihang pampulitika
Manggagawa at magsasaka, batayang alyansa.

**AFP:**
Hawak ng amo namin, ekonomya at pulitika
Batas, korte, kulungan, armadong pwersa
Kaya wala kang magagawa, hukay mo ang hantungan
Sapagkat ipagkakait, kayamanan at kapangyarihan.

**BHB:**
Makapangyarihang sandata: Partido, Hukbo, nagkakaisang prente
Sangkap ng digma: arpak, agreb, base
Mula kanayunan, kukubkubin  ang kuta
Gerilya taktika, ika'y masosorpresa.

**AFP:**
Ang tagumpay hinding-hindi ninyo makakamit
Dahil estado poder aming igigiit
Hindi na mababago, sistemang panlipunan
Maghahari ang mayayaman, hanggang katapusan.

**BHB:**
Batas ng kasaysayan hindi matatakasan
Pagbagsak ng imperylismo, hindi na mapipigilan
Tagumpay ng rebolusyon, maliwanag na kinabukasan
Proletaryado mamumuno, lalaya ang mamamayan.

**Paghuhukom:**
Ating nasaksihan kanilang ipinagkaiba
Ngayon ang sandali upang magpasya
Kung sino ang tunay na nagsusulong
Sa kapakanan at interes ng taumbayan
Sa pamamagitan ng palakpak sila'y ating husgahan
AFP, sundalo ng mayayaman?
Bagong Hukbong Bayan?
Mamamayan na ang nagpasya, husga nila'y nagkaisa
Mabuhay ang BHB, tagapagtanggol ng masa!




*Anino*
*ni Alin Danaw*
*2024*




Iginuhit ni Ka Bravo
2024

# Dula: Pulang Bandila

*ng BHB Mindoro*

Dulang unang itinanghal sa pagdiriwang ng ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan sa isang sonang gerilya sa Mindoro.

MGA TAUHAN
•KABATAAN
•HUKBO 1, 2, 3
•KA EDDIK
•MGA ESTUDYANTENG AKTIBISTA/KASAMA/HUKBO 4,5
•PHILIPPINE CONSTABULARY/GOONS NG PANGINOONG MAYLUPA
•KAINGERO 1, 2, 3/MAGSASAKA/KATUTUBO
•PANGINOONG MAYLUPA
•KORO

MGA AWIT:
•Awit ng Kabataang Makabayan
•Panawagan
•Awit ng Kaingero ni Ka Roger
•Martsa ng Nagkakaisang Hanay
•Dito sa Mindoro ni Ka Hunter
•Isang Minuto ng Katahimikan ni Ka Ericson Acosta
•Ang Bagong Hukbong Bayan

Sa isang himpilan ng Bagong Hukbong Bayan sa Mindoro, may KABATAAN na nagsusulat ng liham. Ang KABATAAN na ito ay bagong sampa sa kanayunan mula sa lunsod at ang liham niya ay para sa kanyang mga kakolektib sa lunsod. Sa background, ay may tatlong HUKBO na gumagampan sa mga karaniwang gawain sa himpilan.

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Para sa mga kasama.

Kumusta kayo?

Isang buwan na ang lumipas mula nang pumasok ako dito sa sona. Mainit kaming tinanggap ng masa na nagpatuloy sa amin bago kami pumasok ng kampo. At siyempre, yung Hukbo mismo ay masayang masaya at mainit kaming tinanggap nang makarating na kami. Bakas sa ngiti nila at sa higpit ng kanilang pakikipagkamay kung gaano sila kasaya na may mga bagong sampang kabataan mula sa lungsod.

Bahagi ngayon ng inaaral ko ang kasaysayan ng Hukbo dito sa Timog Katagalugan. Sobrang dami kong bagong natututunan.

(LALABAS sa entablado sina HUKBO 1, 2 , 3.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Nakakatuwa marinig kung paano marami sa mga kadre na nagpundar sa mga larangan at sona sa rehiyon ay galing sa atin sa UPLB.

(PAPASOK sa entablado ang tatlong ESTUDYANTENG AKTIBISTA. Sila ay nagtatalakayan gamit ang librong LRP.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Nakakamanghang isipin kung paano nagmula sa mga iilang grupo ng mag-aaral sa atin, sa panaka-nakang pag-aaral at mga protesta sa parehong mga bulwagan at tambayan na dinadaan-daanan lang natin ngayon ang rebolusyonaryong kilusan sa TK.

Kinukuwento rito madalas si Eduardo Serrano na kaparehas ko palang Agriculture ang inaral sa kolehiyo. Ka Eddik siya sa kuwento ng mga kasama rito na nakaabot pa sa kanya.

(PAPASOK si KA EDDIK sa entablado. PAPASOK ang dalawa pang ESTUDYANTENG AKTIBISTA at LALAPIT kay KA EDDIK. Mukhang kinakausap ng dalawang ESTUDYANTENG AKTIBISTA si KA EDDIK).

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Noong nagbarikada sa UPLB, isa si Ka Eddik sa mga estudyanteng napukaw at kumilos para labanan ang karahasan ng Philippine Constabulary.

ESTUDYANTENG AKTIBISTA: Uy, ano may klase ka pa ba?

KA EDDIK: Wala nga, eh.

ESTUDYANTENG AKTIBISTA: Baka gusto mong sumama sa pag-aaral namin. Inaaral namin ang iba't ibang isyu ng lipunan natin at bakit sila nangyayari.

KA EDDIK: Mukhang maganda 'yan, ah! Sige, sasama ako.

(UUPO si KA EDDIK at ang mga nag-imbita sa kanya sa talakayan ng mga ESTUDYANTENG AKTIBISTA ng LRP. Magpapakilala sila sa isa't isa.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Nag-aral siya ng mga rebolusyonaryong ideya matapos niya masaksihan ang mga pinaggagawa ng PC sa

mamamayan. Sa kalaunan, sasapi siya sa Kabataang Makabayan noong 1971.

(TATAYO sina KA EDDIK at mga ESTUDYANTENG AKTIBISTA sa salitang "Kabataang Makabayan". Sila ay MAGKAKAPIT-BISIG. PAPASOK sa entablado ang tatlong PC. MAGGIGIRIAN ang dalawang grupo sa isang rali.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Ang galing din talaga ng KM, ano? Ang iniluluwal ay mga kadre talaga.

(TIGIL ang GIRIAN. HAHARAP sa *audience* ang mga ESTUDYANTENG AKTIBISTA at ang PC ay gigilid pero nakaambang mananakit at nanakot pa rin ang kilos).

KA EDDIK/ESTUDYANTENG AKTIBISTA (AWIT-GALAW ng Awit ng Kabataang Makabayan):
*Kami ang Kabataang Makabayan*
*Bisig ng mangagawa't magsasaka*
*Lakas at pag-asa ng buong bayan*
*Sa lungsod at sa mga lalawigan*

(LALABAS sa entablado ang PC at ang mga ESTUDYANTENG AKTIBISTA. Maiiwan sa gitna si KA EDDIK.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): 1980 ay buong panahon na siyang kumikilos at tumungo na sa kanayunan. Isa siya sa mga kumilos sa hangganan ng Quezon-Bicol na nagsilbing pandayan ng mga kadreng ipapadala sa ibang lugar sa TK at sa Bicol.

(PAPASOK ang mga ESTUDYANTENG AKTIBISTA sa mga salitang "isa siya kumilos..." Nakasuot na ng pack-bag ang isa at may bitbit na isa pang pack-bag. IBIBIGAY kay KA EDDIK ang isa pang pack-bag. YAYAKAPIN at KAKAMAYAN ng grupo ang isa't isa, nagpapaalam na si KA EDDIK at isa pang ESTUDYANTENG AKTIBISTA. Pupuwesto sa GITNA ng entablado si KA EDDIK at isang

ESTUDYANTENG AKTIBISTA. Sa likod nila ay NAKATAAS-KAMAO ang iiwan nilang kolektib).

KA EDDIK/ESTUDYANTENG AKTIBISTA (AWIT-GALAW ng Panawagan):
*May tawag sa kaparangan*
*Tinig ng Inang Bayan*
*Gumising, kabataan*
*Panawaga'y tugunan*

(LALABAS sa entablado si KA EDDIK at kanyang KASAMA.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): May mga kasama rin dito na dating kumilos o kaya ay sumanib sa mga larangan sa Quezon. Kapag napapakuwento sila, halatang gustong gusto nilang maibahagi sa iba—lalo na sa mga kabataan—ang lawak at lalim ng pag-ugat ng Hukbo sa pinakamatandang larangan ng TK. Binabahagi nila kung paano naaalala pa rin ng masa doon ang mga kasamang unang nagpundar sa Quezon.

(PAPASOK sa entablado ang isang lalake, isang babae at isang kabataan—sila ay mga KAINGERO. Papasok din si KA EDDIK at kanyang KASAMA sa salitang "binabahagi." Ang mga KAINGERO ay nasa kanilang bahay. Si KA EDDIK at isang KASAMA ay naglalakad sa gubat, kinakapa ang paglalakad sa dilim. Papunta sila sa direksyon ng mga KAINGERO.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Nagawa ng mga kasamang umugat nang malalim sa hangganan ng Quezon at Bicol dahil wasto nilang nailapat ang linyang masa.

(Naabot na ni KA EDDIK at KASAMA ang bahay ng masa. KAKATOK sila. Masaya silang PAPATULUYIN ng masa.)

KA EDDIK/KASAMA: Magandang gabi po. Ano ho balita rito sa inyo?

KAINGERO 1: Naku, mga kasama buti napadaan kayo. Aba, ang mga PC dumaan

dito noong huli. Galit na galit at hinahanap kayo sa mga tao. Nanira pa ng mga pananim!

KAINGERO 2: Upo muna kayo, mga kasama! Ito—kain muna kayo. Pasensya na at ito lang ang kaya naming maibigay.

KA EDDIK/KASAMA: Ayos lang ho. Anumang ibigay niyo ay malaking tulong na.

KAINGERO 1: Buti pa kayo, mga kasama. Yung mga PC na dumaan dito nakuha pang magnakaw ng manok ng kapit-bahay namin!

KA EDDIK/KASAMA: Ganun ho talaga iyong mga 'yun. Kahit anong sabi nila na narito sila para ipagtanggol ang masa, bawat kilos naman nila ang nagpapatunay na kasinungalingan iyon.

KAINGERO 3: Hindi katulad ninyo, mga kasama! Kaya bukas na bukas lagi ang bahay namin sa inyo.

(TAHIMIK na magpapatuloy sa kuwentuhan ang mga KAINGERO at sina KA EDDIK at KASAMA.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Halimbawa, yung kuwento na napakilos daw ang masa sa Quezon noon para sa kampanyang paghawan ng gubat para makapagkaingin ang masa na ipinagbabawal daw noon ng gubyerno. Nagawa ring mapalaki ang parte ng magsasaka sa ani.

(LALABAS sa entablado sina KA EDDIK at KASAMA sa salitang "halimbawa." Magsisimulang MAGGAMAS ang mga KAINGERO.)

MGA KAINGERO (AWIT-GALAW ng Awit ng Kaingero):
*Kay hirap ng buhay dito sa kaingin*
*Sa maghapo'y pagod sa ating gawain*
*At maging sa gabi'y di ka patulugin*
*Sa bigat ng ating mga suliranin*

(PAPASOK sina KA EDDIK at KASAMA sa salitang "suliranin." PUPUNTAHAN ang mga KAINGERO para sila'y tulungan. Bibigkasin nila KA EDDIK at KASAMA bilang dialogue ang ika-limang berso ng Awit ng Kaingero matapos kumustahin ang mga KAINGERO).

MGA KAINGERO/KA EDDIK/KASAMA (AWIT-GALAW ng Awit ng Kaingero):
*Sa tulong ng Hukbo, gabay ng Partido*
*Pakikibaka ay susulong, lalago*
*Pagsasamantala ay maigugupo*
*At ang tagumpay ay ating matatamo.*

(TITIGIL sa isang TABLEAU ang mga KAINGERO at sina KA EDDIK at KASAMA. LALABAS sa entablado si KA EDDIK at KASAMA kapag nagbasa na muli ng liham ang KABATAAN. Mananatili sa *tableau* ang mga KAINGERO.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Dahil sa mga tagumpay sa rebolusyong agraryo, siyempre, lalawak din ang organisadong base. Naitayo ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng iba't ibang sektor. Marami ang sumapi sa mga samahan at organisasyon ng mga magsasaka, kabataan, kababaihan at iba pang grupo.

(Sa salitang "magsasaka," KIKILOS ang LALAKENG KAINGERO at muling TITIGIL sa *pose* na nakataas ang kamay na nakayukom sa gulok. Sa salitang "kabataan," KIKILOS ang KABATAANG KAINGERO at TITIGIL sa *pose* na nakataas-kamao. Sa salitang "kababaihan," KIKILOS ang BABAENG KAINGERO at TITIGIL sa *pose*.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Sa lahat ng kuwento nila, di nila nakakaligtaang banggitin na...

KABATAAN/MGA KAINGERO: Wala tayong maaabot na tagumpay kung wala ang masa.

(LALABAS ang mga KAINGERO sa entablado.)

KORO: Martsa ng Nagkakaisang Hanay

(Sa unang *refrain* ng Martsa ng Nagkakaisang Hanay, PAPASOK sa entablado sina KA EDDIK at KASAMA at MAG-AAWIT-GALAW sa gitna. PAPASOK din sa gilid ng entablado ang isang MANGGAGAWA. PUPUNTAHAN ni KA EDDIK/KASAMA ang MANGGAGAWA at YAYAKAGIN siya sa hanay sa berso ng manggagawa. Sa *refrain*, ay nasa gitna sila at MAG-AAWIT-GALAW. Uulit ito sa berso ng magsasaka, kabataan, kababaihan at ibang panggitnang pwersa hanggang sa matapos ang buong kanta saka LALABAS ang lahat ng nag-awit-galaw mula sa entablado.

Nota: Kung kayang sa mga tagapanood pumunta at mag-imbita papunta sa entablado, mas mainam.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Mula sa patuloy na pagpapalakas sa Quezon at katabing prubinsya ng Batangas at Laguna, mangangahas ang rehiyon na magpalawak sa mga islang prubinsya ng rehiyon.

(PAPASOK sa entablado ang apat o limang kasama kabilang si KA EDDIK. Sila ay magpupulong tungkol sa pagpakat ng mga pwersa papuntang mga islang prubinsya.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Magpupunyagi ang mga kasama sa kabila ng ilang mga kabiguan sa simula at atake ng kaaway. Ibubunga ng pursigidong pag-oorganisa sa masa ang matagumpay na pagtatatag ng mga larangang gerilya.

May nakadaupang-palad kami rito na mga matatandang masa na naabutan ang mga nagpundar na kasama dito sa Mindoro. Naging madamdamin ang masa rito kapag ibinabahagi ang nasaksihan nilang mga tagumpay. Kinwento sa akin paano bago ang pagdating ng mga kasama noong dekada otsenta, ang mga magsasaka at katutubo rito ay nabuhay sa ilalim ng ng matinding pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala.

(PAPASOK ang tatlong MAGSASAKA/KATUTUBO, sila ay nagtatrabaho sa bukid. PAPASOK ang isang PANGINOONG MAYLUPA at dalawa niyang GOONS. PAGMAMALUPITAN nila ang mga MAGSASAKA/KATUTUBO.)

Sila na lumilikha ng pagkain ng lipunan ay sila ring pinakagutom. Ganon isinasalarawan ng masa ang kalagayan nila bago nila nakilala ang rebolusyon.

(LALABAS sa entablado ang PML at kanyang GOONS. PAPASOK ang dalawang HUKBO at TUTULUNGAN ang mga MAGSASAKA/KATUTUBO na makatayo.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Pagdating daw ng mga kasama ipinanawagan ang paglansag sa mga pastuhan ng mga despotikong panginoong maylupa na umagaw sa lupain ng mga magsasaka at katutubo. Ikinukuwento ito ng masa nang may magkahalong saya at pagmamalaki.

MAGSASAKA/KATUTUBO 1: Napakalupit ng amo namin, mga kasama! Yung kita niya sa huling ani pinangsasahod niya ngayon sa mga dagdag niyang tauhan na laging nanggugulo at nanakot sa amin.

MAGSASAKA/KATUTUBO 2: Hindi na sila nahiya! Pati mga babae at matanda binubugbog din nila kapag napag-utusan. Minsan dahil lang naisipan nila!

HUKBO 4: Kaya kailangan na talaga ng samahan sa sityo niyo na lumawak pa at maghanda para ipaglaban itong lupa na sa inyo naman talaga.

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Silang mga nabuhay nang nakikipagsiksikan sa mga baka ay sa wakas bumangon at pinalaya ang kanilang mga sarili! Pambihirang bigwas 'yun sa daantaong pyudal na pagsasamantala sa kanila!

KORO: Dito sa Mindoro (unang *stanza* ng koro at ilang mga linya ng ikalawang stanza)
*Dito sa Isla ng Mindoro*
*Maraming mga kwento*
*Ng mga paglaban para sa pagbabago*

*Para sa lupa at paglaya*
*Ng mga magsasaka*
*Halina't pakinggan ang istorya*
*Oh, Dito sa Mindoro*
*Dito sa Mindoro*
...

Mayaman ang kasaysayan ng masa at hukbo

(PAPASOK ang PML at kanyang GOONS. Haharapin sila ng nagkakaisang masang MAGSASAKANG aakto ng PAG-PROTESTA para sa lupa, determinadong bawiin ito. Kasama ang HUKBO, unti-unting mapapaatras ng mga MAGSASAKA ang PML at GOONS hanggang sa ang mga ito'y SUMUKO. Sa "mayaman ang kasaysayan...," TITIGIL sa *tableau* ang mga MAGSASAKA/HUKBO/PML/GOONS.

LALABAS sila lahat ng entablado kapag nagbasa na muli si KABATAAN.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Aani ang rebolusyon dito ng tagumpay sa pagtatayo ng gubyernong bayan at ng Hukbo. Sunod-sunod daw ang mga aksyong militar na inilunsad ng Hukbo! Mula sa maliit at mahinang pwersa at armas, nakapagpalakas tayo at patuloy na nagpapalakas.

Dapat lang ipagmalaki ng mga masa at kasama ang ating mga tagumpay dahil hindi naman ito basta na lang nahulog sa langit. Pawis at dugo ang inialay para rito.

Naikukuwento rin dito ang ganting atake ng estado sa Mindoro matapos ang nakayayanig na tagumpay ng rebolusyon dito. Dito pala nahuli si Ka Eddik sa Mindoro. Matapos siya mahuli, sinampahan siya ng patung-patong at walang basehan na mga kaso. Inabutan na siya ng pagkamartir niya sa kulungan.

(PAPASOK si KA EDDIK. Makakasalubong niya ang dalawang PHILIPPINE CONSTABULARY na dudukot sa kanya at HIHILA sa kanya palabas ng entablado.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Sa mga panahong ang ating mga martir ang pinagmumuni-munihan ko, halos malula ako sa dami nila.

Magkahalong pagkamangha at kirot sa puso ang nararamdaman ko sa tuwing iniisip ko kung gaano sila katapang para ibigay sa rebolusyon ang hinihingi nitong sakripisyo. May mga kasamang nabuwal sa labanan, may mga namatay sa piitan ng mga pasista, may mga namatay sa sakit.

(Sa "nabuwal sa labanan," PAPASOK ang dalawang HUKBO na aaktong mababaril habang nangungumando. Sa "namatay sa piitan," PAPASOK si KA EDDIK at mamatay. Sa "namatay sa sakit," PAPASOK ang dalawang KASAMA—isang may sakit at ang medik.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Mula sa mga martir natin sa UPLB, mga nagpundar sa mga larangan, mga martir na di na natin alam ang pangalan at kasaysayan, kay rami na ring inialay ng ating rehiyon.

KORO: Isang Minuto ng Katahimikan (unang berso)
*Sa gitna ng pagtatalumpati ng nagdadalamhati*
*Ay may panawagan sa lahat ng kaibigan*
*Isang minuto ng katahimikan*
*Isang minuto ng katahimikan*

(PAPASOK ang isa sa mga ESTUDYANTENG AKTIBISTA. Pupuntahan niya nang isa-isa sina KA EDDIK, ang mga HUKBONG namatay sa labanan at ang KASAMANG may sakit. Siya ay nagluluksa para sa mga martir.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): At ngayon, hinihingi sa atin ng rebolusyon at ng masang ating pinaglilingkuran na magpakatatag, tumbasan at higitan ang tapang na ipinamalas ng mga nauna sa atin upang tayo'y makasulong.

KORO: Isang Minuto ng Katahimikan (ilang mga linya mula sa *bridge*)

*Naririnig ko sa bawat pusong nagluluksa*
*Ang yabag ng laksa, nagbababala*
*Naririnig ko sa bisig ng api't dalita*
*Ang pintig ng digma, rumaragasa*

*Narinig ko na ngayon pa lang*
*Oh, kay tapat na pangako*
*Na sa ating lakas, may paglayang wagas*
*Pangako, pangako, pangako*

(BABANGON lahat ng nasa entablado at MAG-AAWIT-GALAW. Pwedeng papasukin din ang iba pang mga tauhang masa at kasama para sa awit-galaw. TITIGIL sa *tableau* saglit at saka LALABAS lahat mula sa entablado.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Napahaba na ang aking sulat. Miss ko na ata kayo.

(TATAYO si KABATAAN at pupuwesto sa GITNA ng entablado.)

KABATAAN (Binabasa ang liham na kanyang sinusulat): Mga kasama, nais ko ring ipaabot sa inyo ang pagpapasya kong buong panahon nang kumilos bilang Pulang Mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Alam kong maraming haharapin na kontradiksyon dito. Maraming kailangang aralin. Minsan din ay mangungulila ako para sa inyo at lalo na sa pamilya ko. Pero hindi ko naman kayo lantay na iniiwan. Mananatili kayong kasama at inspirasyon sa pakikibaka. Lahat tayo ay saklaw ng rebolusyon kaya ang pagpili sa rebolusyon ay pagpili rin sa inyo.

Iyon na lang muna, mga kasama. Pakikumusta na lang ako sa iba pang mga kasamang nariyan at sa pamilya ko.

Nagmamahal at nakikibaka,

(Banggitin ang ngalan ng gumanap bilang KABATAAN.)

PANAPOS NA AWIT: Ang Bagong Hukbong Bayan

WAKAS.

# Lakbay ng Hukbong Bayan
*ng ARMAS-TK*

**Intro:**
Em-D-Em
Haaah hah hah hah hah haaah haah hah hah hah 2x

I
Em D
Binabagtas ang kanayunan
Em
ng Bagong Hukbong Bayan
Em D
Hinahasik sa kaparangan
Em
ang pulang kapangyarihan
C Em
Tinatawid ang kailugan
C Em
hatid ang katiyakan
C Em
ng tagumpay ng digmang bayan
D Em
Ang masa ang sandigan!

II
Em D
Kinakanlong ng anakpawis
Em
ang Bagong Hukbong Bayan
Em D

‘pagkat kanilang ninanais
      Em
palayain ang bayan
       C        Em
Tinutuklas ang kasagutan
    C              Em
Inaaral wastong paraan
      C            Em
Sinusuong ang kahirapan
   D              Em
sa pagbigwas sa kaaway

**(Higher)**
Fm-E-Fm
Haaah hah hah hah hah haaah haah hah hah hah 2x

III
Fm             E
Sumasapi ang laksang bilang
     Fm
sa Bagong Hukbong Bayan
Fm               E
Yugtu-yugto na nagtitipon
     Fm
ng lakas sa pagsulong
       C#        Fm
Nagdiriwang ang mamamayan
        C#           Fm
sa tagumpay ng bawat laban


C#        Fm
Sumisibol sa pulang lupa
E              Fm
laya at demokrasya

Fm-E-Fm
Haaah hah hah hah hah haaah haah hah hah hah 2x
Sumisibol sa pulang lupa
laya at demokrasya!.

## Lakbay ng Hukbong Bayan

(Tono ng unang talata)

May-akda: ARMAS-TK



# Makauring hukbo sa ika-55 taon

*ni Ka F*

Mahigpit na tangan ang makauring pananaw
Proletaryong paninindigan at pamamaraan
Higit na limang dekadang hindi binibitiwan
Patuloy na isinusulong ang armadong paglaban.

May bilang ay animnapu nang una itong binuo
Ang bilang ng kaaway noon ay nasa ilanpung libo
Ilang ripleng armas na karamihan pa'y katutubo
Hindi nasupil ng kalabang armas ay makabago

Ipinaglalaban ng hukbo'y digmang makatarungan
Pang-aapi't pagsasamantala'y layun na wakasan
Sa kuko ng lokal na naghahari at ganid na dayuhan
Upang ang inaaping uri'y makaahon sa kahirapan

Lumakas at lumawak sa buong kapulua'y sumaklaw
Ang demokratikong rebolusyon ay umalingawngaw
Maging sa sentrong bayan at laluna sa kanayunan
Nagbunyi ang masa sa mga nakamit na tagumpay!

Sumulpot mga lider na nagdudunong dunungan
Inilihis ang linya ng matagalang digmang bayan
Laman ng panaginip ay mabilisang tagumpay
Naging bulok na itlog at naging magnanakaw

Dahil sa lihis ang linya at binago ang  estratehiya
Malaking naging epekto sa hukbong baya't masa
Bilang ng hukbo'y lumiit kimitid ang baseng masa
Namayagpag ang kaaway kahinaa'y nasamantala

Salamat, ikalawang dakilang kilusang pagwawasto
Dahil sayo'y nalantad ang mga taksil at nagkanulo
Kilusang pag-aaral isinabuhay ng Partido at Hukbo
Muling umani ng tagumpay nang ang mali'y natanto

Ngunit 'di naiwaksi ang mga 'di litaw na kahinaan
Labi ng suhetibismo at peti-burges na  pananaw
Humina'ng hukbong bayan, baseng masa'y naiwan
Muli itong nagpahina sa mga nakamit na tagumpay.


Sa kilusang pagwawastong tinukoy ng ating Partido
Sa ika-55 taong paglilingkod sa masa ng Hukbo
Mga nalilikhang kahinaa'y dapat  agad maiwasto
Hukbo at  masa'y lalawak, lalalim, tyak na tutubo.

Sa mahusay na paglalagom sa gabay ng Partido
Sa matutukoy na mga aral lahat tayo'y matututo
Tiyak muling lalakas ang kilusang rebolusyunaryo
Ang maaliwalas na landas  sa tagumpay ang tungo!

*Abril 19, 2024*
*Inspirasyon ang apat na buwang patuloy na suporta ng masa at matapang na paraan ng pagharap at pagbigo ng mga yunit sa panaginip 'ng kaaway na 'estratehikong opensiba' ng kaaway!*



Guhit mula sa CV
2023



# Kasama nakikilala kita

*mula sa EV*

I

Kasama kilalang kilala kita dahil tayo ay iisa
Nag-FT  ka ay  huling hati ng dekada sitenta
Nuon hanggang ngayo'y maglilimang dekada
Paninindiga't pagkilos mo'y, di nagbago'ng sigla

II

Ikaw ay gintong binhing lumaki sa kanayunan
Nagsimula sa MLP, SYP, mga yunit panlaban
Nagpalawak sa mga baryo, baya't lalawigan
Haligi ka sa pagtayo ng naging sona't larangan

III

Inaral mo sa sarili ang maglunsad nitong laban
Kahit ang armas ay mahina kumpara sa kaaway
Mula sa pistola, kalibre 22 de sabog,  at garand
lumaki at lumakas, kumpanya na'ng naarmasan

IV

Ang M203, riple, M60, 30't 50 kaliber masinggan
Sa mga taktikal na opensiba dito lahat nasamsam
Kahit mga tangke ng kaaway na ipinagyayabang
Sa bombang may *shape charge* wala itong tibay

V
Bukod sa maraming armas na kinumpiska sa kalaban
Winasak ang sasakyan, kampo, mga pinsala't sugatan
Mga binuong yunit ng hukbo lahat noon ay naarmasan
Naging matatatag na moog ng Bagong Hukbong Bayan!

VI
Ang lahat ng iyong operasyong pinamunua't hinawakan
Nagsusunog-kilay ka't pinaghahandaan mo nang mahusay
Lahat ng iyong aksyong militar, na lampas ng isangdaan
Lahat na planong labanan 'alang bigo pawang tagumpay!

VII
Mga sinulat ni Sun Tzu isa sa ginagamit mong gabay
Ang kilalanin ang sarili at kilanlin ang pasistang kaaway
Ang malalakas na pwersa ng kaaway ay iyong iniiwasan
Ang kanyang mahinang bahagi ang inyong binabanatan!

VIII
Surpresang atake ng kaaway ay laging pinaghahandaan
Marami sa iyong depensiba ang inisyatiba ay naagaw
Umuuwing may pinsala ay ang mga berdugong militar
Nakumpiska pa ang mga armas, sa kaaway na nalamangan!

IX
Maraming batang opisyal ang sinanay mo at humusay
Sa operasyong isparo, ambus, reyd, may putok at lalang
Ang mga hinawakan nilang TO naging matatagumpay
Lahat sila ay natuto at lahat sila'y naging mahuhusay.

X
Mula ng magpultaym ka walang opisyal na nanguna
Na nagtuturo sa iyo ng iba't-ibang taktika't teknika
Sa paglalagom ng karanasan at patuloy na praktika
Dito ginawang 'natuto sa digma mula sa pakikidigma'.

XI
Ang buhay mo sa kilusan at mga  karanasang militar
Tiyak ito'y silbing ambag sa landas digmaang bayan
Ito ay nakaguhit na sa ating mahabang kasaysayan
at puspusang pagsusulong sa makauring tunggalian!!

*Mayo 8, 2024*
*Naghihintay ng sundo*
*para sa isang  mahabang*
*paglalakbay.*



*Iginuhit ni Ka Bravo*
2024

# Mga komposo ng paglaban noong dekada 70 at 80 sa Panay

Mayaman sa tradisyon ng awitin ang mga mamamayan sa Panay. Saan man sa kanayunan at kapatagan ng rehiyon, maririnig sa mga masa, lalo na sa hanay ng mga magsasaka, ang mga komposo, awiting-bayan, at awiting naglalarawan ng mga kaganapan at mga kapansin-pansing karanasan ng kanilang buhay sa lipunan. Ang mga komposisyon ay nilalapatan ng mga makukulay na liriko mula sa mga kantang burges o popular sa tugtugin ng gitara o iba pang mga instrumento. Ang mga komposo ay kinakanta sa mga okasyon at pagtitipon sa mga komunidad.

Mahalagang ekspresyon ng mga pananaw ng mamamayan ang musika at mga awitin. Sa pamamagitan nito, malikhaing napapahayag ng mamamayan ang kanilang mga panaghoy at mithiin. Ito ay produkto ng malikhaing pag-iisip at ehersisyo ng kamalayan ng tao sa kanyang kapaligiran at lipunang kinabibilangan. Ipinapakita ng mga komposo ang walang-tigil na partisipasyon ng tao sa lipunan at ang papel ng mamamayan sa proseso ng pagbabago nito.

Sa kasaysayan ng pambansa demokratikong kilusan, naging paraan ang mga komposo at awiting-bayan para magpaliwanag, magsaysay, magpakilos, at magtulak ng organisadong pagkakaisa sa hanay ng mamamayan. Noong dekada 70 at 80, maraming mga komposo ang nalikha ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Panay. Sa isang banda, ang lipunan ay binabalot noon ng karahasan ng diktaduryang US-Marcos at krisis sa ekonomiya at sa kabilang panig naman ang militanteng pagkakaisa ng aping mamamayan at kanilang rebolusyonaryong armadong paglaban. Naging kapansin-pansin ang mga malikhaing pagpahayag ng mga panawagan para sa karapatan, kalayaan, kaunlaran at sosyalismo bilang solusyon sa krisis ng dekada.

Ang komposisyon ni Kasamang Jose Percival Estocada Jr. / Servando Magbanua / Andante Arador na "Ako Mangunguma" ang isa sa pinakatagos sa damdaming awitin ng uring magsasaka. Nilikha ito para sa mga magsasaka upang isaysay ang kanilang mapait na kalagayan at minamanang kahirapan kahit na sila pa man ang lumilikha ng pagkain ng bayan. Inilinaw ng komposo ang pagsasamantalang dinaranas ng mga magsasaka mula sa mga panginoong maylupa at ang tunggalian sa pagitan nila na mareresolba lamang sa armadong labanan. Sa katapusan ng komposo, naging diin sa magsasaka ang kanyang pakikiisa sa iba pang uring api sa lipunan upang maangkin ang kanilang mithing kolektibong paglaya.

Ang komposo ni Kasamang Reynaldo Bocala / Sir Hans / Ka Bading / Ka Minoy na "Istoryang Pangbanwahanon" ay nagpapakita ng tamang pananaw sa kasaysayan ng bayan noong ipinataw ang marahas na diktadurya. Sa paraan ng pagsaysay, ipinapahayag ng komposo ang tunay na mga pangyayari sa bayan sa mata ng mga mahihirap. Ang kapasyahang lumaban ng mamamayan at paghawak sa kanilang makasaysayang papel na lumahok sa pulitika ng bayan at sa rebolusyonaryong kilusan ang pinakadulo ng kanilang kasaysayan.

Noong 1972, nilikha ng mga kasama sa noon ay Border Area (Panay Central Front sa kasalukuyan) ang "Ang Masa Kon Maorganisa." Hango ito sa popular na *folksong* "Kutsiyam" sa Tapaz, Capiz. Linilinaw sa mga tagapakinig na ang masa ang "bulkan" na lilipol sa mga kaaway ng lipunan—ang mga dayuhang imperyalista, asenderong mang-aagaw ng lupa, at mga kurap na pulitiko. Tanging sa pagsalalay sa Bagong Hukbong Bayan at pagsunod sa pamumuno ng Partido Komunista magiging makapangyarihan ang bulkang ito.

Wala namang makakapigil kung kumilos ang milyun-milyong magsasaka at manggagawa kasama ang iba pang uring api, ayon sa "Magbuluylog kita sa Pagrebolusyon." Nilikha ito ni Kasamang Jose Percival Estocada Jr. Noong 1976 sa Sentral na Prente ng Panay at inaawit sa tono ng "Dalidaw". Sa alyansa ng mga magsasaka at manggagawa, maitatatag ang gobyerno ng mga aping mamamayan.

Sa pagsulong at paglawak ng rebolusyonaryong pakikibaka, marami ang mga

namulat at buong-panahon na nag-ambag ng kanilang lakas at kakayahan para sa mamamayan. Kaakibat ng pakikibaka ang mga sakripisyo at kahirapan na pinagdaraanan ng bawat rebolusyonaryo. Pasulong at palabang diwa ang nilalaman ng kantang "Pinili nga Banas" na nilikha noong 1986-87 sa Sur na Prente ng Panay. Sa dulo ng liriko ng kanta, na nagpapahayag ng pagbalik ng isang kasama sa rebolusyonaryong gawain mula sa pagbisita sa kanyang nanay, nakasaad:

*Malamig na hamog ang aking tinahak*
*Patungo sa aking piniling landas*
*Daang may tinik na puno ng pagsubok*
*Ngunit sa huli mithiin nati'y mangingibabaw*

Marami pang mga komposo at awitin kagaya ng "Bagong Hangaway sang Banwa," "Kaupod," "Guadalupe," "Kawsa Amligan," "Masang Pigos" at iba pa ang nalikha sa sumunod na mga dekada na natatandaan at patuloy na inaawit hanggang sa ngayon ng mga masa sa kanayunan at kalunsuran. Sariwa pa sa isipan ng mamamayan ang mga liriko ng mga komposo ng mga kasama at puno ng emosyong inaawit kahit na hindi na maalala ang ilang parte ng awitin. Inaawit ng mga mamamayan ang mga rebolusyonaryong komposo hindi dahil madali itong maalala kundi dahil ito ang sonata ng kanilang buhay at maningning na kinabukasan.

*(Isinulat ni Iraya Madyaas, kasama mula sa rehiyon ng Panay)*

# Mga komposo sang pagbato sadtong dekada 70 kag 80 sa Panay

Manggaranon sa tradisyon sang pagkanta ang mga pumuluyo sa Panay. Sa diin man nga kabukiran kag kapatagan sang rehiyon, mabatian sa mga pumuluyo, labi na sa kubay sang mga mangunguma, ang mga komposo, ambahanon kag kantang-pangbanwa nga nagasaysay sang mga hitabu kag talalupangdon nga mga eksperyensya sang ila kabuhi sa katilingban. Ginalapatan ang mga madinuagon nga liriko sang mga komposo sang tono halin sa mga burges o popular nga mga ambahanon sa ubay sang pagkaskas sang gitara kag iban pa nga instrumento. Ginatukar ang mga komposo sa mga okasyon sa baryo kag ordinaryo nga pagtililipon sang pumuluyo.

Importante nga ekspresyon sang mga pananawan sang pumuluyo ang musika kag ambahanon. Paagi sini, artistiko nga mapahayag sang pumuluyo ang ila mga hibubun-ot kag handum. Produkto ini sang matinugahon nga pagpamensar kag ehersisyo sang kamuklatan sang tawo sa iya palibot kag katilingban. Ginapakita sang mga komposo ang walay-untat nga pag-intra sang tawo kag papel sang pumuluyo sa proseso sang pagbago sang palibot.

Sa kasaysayan sang pungsudnon demokratiko nga paghimakas, nangin alagyan ang mga komposo kag kantang-pangbanwa agud magsaysay, mageksplikar, magpahulag, kag magtulod sang organisado nga paghiliusa sa kubay sang pumuluyo. Sadtong dekada 70 kag 80, madamo nga mga komposo ang nadihon sang mga rebolusyonaryo nga pwersa sa Panay. Ginaputos ang katilingban sadto sang kapintas sang diktaduryang US-Marcos kag krisis sa ekonomiya sa punta kag ang militante nga paghiliusa sang pigos nga pumuluyo kag ila rebolusyonaryo nga armadong paghimakas sa isa ka bahin. Nangin talalupangdon ang mga matinugahon nga mga pagpautwas nga nagapanawagan sang mga kinamatarung, kahilwayan, kauswagan kag sosyalismo bilang solusyon sa krisis sa amo nga mga dekada.

Ang ginkomposar ni Kaupod Jose Percival Estocada Jr. / Servando Magbanua, nga "Ako Mangunguma" ang isa sa pinakadulot sa balatyagon nga kanta sang sahing mangunguma. Ginkomposar ini para sa mangunguma agud masaysay ang ila mapiot nga kahimtangan kag ginapanubli nga kaimulon bisan pa nga sila ang nagatuga sang pagkaon sang pungsod. Ginaathag sang komposo ang pagpanghimulos nga ginaagum sang sahing mangunguma sa agalon-mayduta kag ang banggianay nila nga maresolba lamang paagi sa armado nga inaway. Sa katapusan sang komposo, ginatum-ok sang mangunguma ang iya pakigugyon sa iban pa nga sahing pigos sa katilingban agud maagum ang ila kabugusan nga handum nga mahilway.

Ang komposo ni Kaupod Reynaldo Bocala "Sir Hans, Ka Bading/Minoy" nga "Istoryang Pangbanwahanon" ang nagapakita sang husto nga paglantaw sa kasaysayan sa pungsod sadtong ginimponer ang mapintas nga diktadurya. Sa pamaagi nga nagasaysay, ginapahayag sang komposo ang matuod nga mga hitabo sa pungsod sa mga mata sang imol. Ang pagpangisog sang pumuluyo kag paguyat sang ila makasaysayn nga papel nga magintra sa pulitika sang pungsod kag pagsakdag sa rebolusyonaryo nga kahublagan ang pinakapunta sang ila mismo kasaysayan.

Sadtong 1972, ginkomposo sang mga kaupod sa sadto Border Area (subong Central Front) ang "Ang Masa Kon Maorganisa." Adaptasyon ini sang popular nga folksong sa Tapaz, Capiz nga "Kutsiyam". Ginapaathag sa mga tagpalamati nga ang mga masa ang "bulkan" nga magalutos sa mga kontra sang katilingban—ang mga dumuluong nga imperyalista, manuglanggab nga asendero, kag mga kurap nga pulitiko. Ginaathag man nga paagi lamang sa pagsandig sa Bagong Hukbong Bayan kag pagsunod sa pagpamuno sang Partido Komunista mangin gamhanan ang bulkan nga ini.

Wala naman sang iban pa nga makapugong kun maghulag ang minilyon nga mga mangunguma kag mamumugon upod na ang iban pa nga ginapigos, suno sa "Magbuluylog kita sa Pagrebolusyon." Ginkomposo ini ni Kaupod Jose Percival Estocada/Servando Magbanua sadtong 1976 sa Central Front kag ginakanta sa tono

nga "Dalawidaw". Sa pag-alyansa sang mangunguma kag mamumugon, matukod ang gobyerno sang mga ginadug-daog nga pumuluyo.

Sa pagsulong kag paglapad sang rebolusyonaryo nga paghimakas, madamo ang mga namuklat kag lubos-panahon nga nag-amot sang ila kusog kag ikasarang para sa pumuluyo. Unay sa paghimakas ang mga sakripisyo kag kabudlayan nga gina-agyan sang tagsa nga mga rebolusyonaryo. Ang makigbato kag pasulong nga diwa ang kaundan sang ambahanon nga "Pinili nga Banas" nga nakomposar sadtong 1986-87. Nangin popular ini sa kubay sang mga rebolusyonaryo sa mga kasyudaran kag sa Sur nga Prente sang Panay. Sa ulihi nga liriko sang ambahanon, nga nagasaysay sang pagbalik sa rebolusyonaryong hilikuton sang isa ka kaupod halin sa pagbisita sa iya iloy, ginpahayag:

*Matugnaw nga tun-ug ang akon ginlatas*
*Padulong sa akon pinili nga banas*
*Dalan nga tunukon puno sang pagtilaw*
*Apang sa ulihi handum ta mangibabaw*

Ang handum nga kahilwayan sang mga imol magapangibabaw kag indi malutos. Ang pagkamatarung sang paghimakas kag pagupod sang mga indi makinaugalingon, mapagon, kag handa magsakripisyo nga mga rebolusyonaryo sa ubay sang dungganon nga Partido ang nagapaseguro sang kadalagan sa ulihi.

Madamo pa sang mga komposo kag ambahanon kaangay sang "Bagong Hangaway sang Banwa," "Bilin," "Kakawati," "Kaupod," "Guadalupe," "Kawsa Amligan," "Masang Pigos" kag iban pa nga nadihon sa masunod nga mga dekada ang nadumduman kag padayon nga ginakanta tubtob sa subong sang mga masa sa kaumhan kag kasyudaran. Preska sa pamensaron sang pumuluyo ang mga liriko sang mga komposo sang mga kaupod kag puno sang emosyon nga ginakanta bisan pa malipatan ang pila nga mga parte sang ambahanon. Ginakanta sang pumuluyo ang mga rebolusyonaryo nga komposo indi bangud mahapos ini madumduman kundi bangud sonata ini sang ila kabuhi kag masanag nga palaabuton.



*Guhit mula sa Ang Bayan*
*Nobyembre 7, 2024*

# KA 'TALONG': Kwento ng isang huwarang rebolusyonaryo

*nina Ka Mir at Ka Mar*

Sa dahilang siya lang ang nakaka-alam, hindi gusto ni ERNESTO JUDE RIMANDO JR. na ulamin ang talong. Bagaman ito na ang taguri sa kanya ng karamihan ng kanyang nakasama sa kanyang mahabang paglahok sa rebolusyonaryong kilusan, ang kanyang pamilya ang nagbansag sa kanya na "Talong." Anila, bata pa lamang siya ay ayaw na niya ng prutas na ito.

Pumanaw si Talong sa sakit na *liver cancer* at iba pang karamdaman noong ika-23 ng Hulyo sa Philippine General Hospital (PGH) kung saan siya naratay simula pa noong Mayo. Siya ay 58-taong gulang. Namatay siya sa ilalim ng detensyon at nilalabanan ang walong gawa-gawang kaso ng militar sa ilalim ng imbentong pangalang "Allan Morales." Subalit sa napakaraming nakakakilala sa kanya, si Talong ay isang mahusay, matalino, masipag at huwarang rebolusyonaryo.

**Matalinong bata, karaniwang kabataan**

Pangatlo sa limang magkakapatid si Jude. Tatlo ang lalaki. Ang kanilang ama ay isang *medical representative* at kawani naman sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) ang kanyang ina. "Panggitnang peti-b kami na taga-Kamuning," aniya.

Sa UP nag-elementarya si Jude. Kwento niya, tuwing bakasyon, sumasama siya sa barkadahan ng kanilang kuya na gumagala sa Kamuning at Teachers' Village kung saan nakatirik dati ang kanilang *ancestral home*. Madalas silang maghanap ng mga masusungkit na prutas. Mahilig din silang maglaro ng patintero, siato, at iba pa. Pero dahil siya ang pinaka-bata sa grupo, parati siyang lugi sa suntukan. "Pero sa elementarya noon, ako pinaka-seryoso sa eskwela. *With honors* palagi," aniya.

Dahil likas na matalino, pumasa at pumasok siya sa Philippine Science High School (Pisay). Tumatak siya sa isip ng isa niyang naging guro.

**Titser N**

Ayon kay "Titser N," madalang pumasok si Jude. "Bulakbol," aniya. At kung pumasok man, laging inaantok sa klase't namumula ang mga mata. Sapantaha noon ng guro, adik si Jude, lalupa't lagi niyang kasama ang mga adik sa eskwelahan.

Tama naman si Titser N. Madalas ngang kasama ni Jude ang mga adik, subalit ito ay para pagsabihan silang tumigil na sa pagdo-droga at upang organisahin na rin. Nalaman din ni Titser N na laging puyat at namumula ang mga mata ni Jude dahil dumadalo ito sa magdamagang mga pulong.

"Nagsimula ako sa 1978, panahon ng halalang pam-Batasan," kwento ni Jude. "Interesado na ako sa politika, dulot na rin ng pagbagal ng ekonomiya ng pamilya. Lumipat nga kami sa Teachers' Village dahil hindi na namin kinakaya ang renta ng bahay sa Kamuning," aniya.

Buong buhay-hayskul ni Jude, lumalim na nang lumalim ang kanyang aktibismo sa kabila ng kanyang kabataan. Nagsimula siyang sumali sa mga pambansang kampanya, tulad ng Aklasang Bayan ng 1980, paglaban sa Education Act of 1982, ang pagbasura ng National College Entrance Examination, maging ang gupit sa Citizens' Army Training. Uso kasi noon sa mga kabataan ang mahabang buhok. Organisador na rin noon si Jude. Nag-organisa sila sa mga kolehiyo, mapa-publiko o pribado, maging sa mga hayskul sa buong Kamaynilaan.

Subalit binigyan pa rin si Jude ni Titser N ng mataas na grado dahil matalas mag-isip, mataas ang grado sa eksam at artikulado sa *recitations*. "Alam niya ang mga *social issue*, laluna na sa kanyang klase na *social science*." Humanga lalo si Titser N kay Jude noong nakuha niya ang mahirap na *scholarship* ng NSDB (National Science Development Board). Pumasa rin si Jude sa *quota course* sa UP na Mechanical Engineering.

**Aktibista tungong kadre**

Pansin na rin ng mga magulang ang mga pagliban ni Jude sa klase, na nakumpirma noong nakitaan siya ng librong Philippine Society and Revolution ni Amado Guerrero na binabasa at itinuturo niya. Nahuli na rin siya sa welga ng mga manggagawa ng Ding Velayo sa Pasay noon.

"Pultaym na ako bale bago pa man ako nagtapos sa Pisay at natanggap sa UP. Pinasukan ko lamang ng isang semestre ang kurso sa UP dahil nanghinayang ako sa *stipend*. Pambayad din ng renta ng *staff house*," paliwanag niya.

Ani Jude, tinutukan nila ang panahon ng *upsurge* ng pagkilos sa UP Diliman kaugnay ng panukalang *tuition increase*. Tumangan na rin siya ng mas responsableng tungkulin sa lihim na kilusang kabataan-estudyante, hanggang sa antas-pambansa. Sa mga huling taon ng dekada 80, nagpakasal sila ng kanyang unang kasintahan at sila'y nagpamilya.

Sa gawaing ito siya inabutan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng Partido. Bagaman naging bahagi sila sa konserbatibo at barkadismo sa kilusang kabataan-estudyante, ipinagmalaki ni Jude na hindi sila nagpatangay sa mga taksil na grupo. Kasama siya sa nanguna sa pagtatanggol sa Kilusan laban sa tumuligsa sa prinsipiyong dalawang-yugtong rebolusyon at pakikibakang pambansang demokrasya. Kasama siya sa naglagom ng karanasan ng sektor noong 1994 na pinagtibay naman ng pambansang pamunuan ng Partido noong 1995. "Para sa akin, mapagpasyang aktitud ito sa pagwawasto dahil ang pinakamalaking ambag sa rektipikasyon ay ilahad ang mga karanasan at kritikal na suriin ito," aniya.

Sa personal, nakaramdam si Jude ng hiya dahil sa tagal ng kaniyang pananatili sa sektor ng kabataan-estudyante. "Dyina-*justify* ko na lamang na *valid* naman ang aking mga nai-ambag," kwento niya. Subalit sa taong 1998, nagpa-deploy na sila ng unang asawa sa gitnang Bisaya. Una siyang kumilos sa iba't-ibang sektor rito bago tuluyang nadeploy sa kanayunan matapos ang tatlong taon—una sa Bohol at kalauna'y sa isla ng Negros simula 2016.

**Bilanggong pulitikal**

Bumalik sa Kamaynilaan si Jude noong 2020 para ipagamot ang mga karamdaman. Subalit ni-reyd ang kanyang nirerentahang apartment sa Payatas noong Enero 6, 2021 ng anim na pulis na walang ipinakitang *warrant*. Siya ay piniringan, tinortyur at inenterogeyt sa mismong lugar. Tinaniman siya mga baril at granada sa kanyang bag. Matapos, naglabas ng niremedyong mandamiyento ang pulisya at sinampahan siya ng kasong *illegal possession of firearms and explosives*. Ibinasura ito ng korte.

Subalit bago pa man siya makalaya, pinaulanan siya ng mga gawa-gawang kaso. Hanggang sa kanyang pagpanaw, may kaso pa siya Mambusao, Capiz at Janiuay, Iloilo sa Panay; sa Guihulngan City, Negros Oriental; sa Danao City, Cebu; sa Carmen, Bohol at sa San Mateo, Rizal. Karaniwan ay kaso ng mga diumanong pagpatay. Mayroon pa siyang kasong paglabag ng *international humanitarian law* kaugnay sa isang *hors d' combat* na miyembro ng *special forces*. Iniutos diumano ng mag-asawang Benito at Wilma Tiamzon, Jose Maria Sison at ni Roger Posadas, mga lider ng rebolusyonaryong kilusan, ang pagpatay.

Sa laya o sa kulungan, isinabuhay ni Jude ang pagiging masipag na rebolusyonaryo. Aniya, "Limitado ang pagkilos sa bilangguan, pero kailangang gawin ang ganang kaya dahil hindi naman binibitawan ang tunay na diwa para seryosong makapag-ambag." Sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan, Taguig, ilang buwan pa lang ay itinalaga na siyang *paralegal* para sa mga kapwa bilanggong pulitikal. Akyat-manaog din siya mula sa ikaapat na palapag ng gusali tungo sa unang palapag kahit may karamdaman na upang tumulong sa mga kaso ng kapwa bilanggo. Gawain ng isang *paralegal* ang pag-*follow up* ng mga iskedyul ng *hearing*, pag-aasikaso ng *certificate of detention*, at iba pa.

Lumala ang sakit ni Jude sa piitan. Dinala siya sa PGH noong ika-18 ng Mayo. Bukod sa *sepsis* at *stage 4 liver cancer*, ininda rin niya ang *pulmonary tuberculosis*.

Marami ang dumalaw sa kanya sa ilang linggo niyang paglagi sa ospital. Nakakabit

sa kanya ang maraming tubo, sa braso, maging sa ilong. Batid ang sakit na nararamdaman sa tuwing siya ay kumikilos, subalit maayos niyang inistima ang lahat ng bisita.

**Rebolusyonaryong diwa**

Sa kanyang huling panayam, isinalaysay ni Jude ang magagandang aral na natutunan niya sa kanyang deka-dekadang pakikibaka. Kritikal niya ring sinuri ang mga naging ambag niya sa pakikibaka. “Ang dayalektika sa rebolusyonaryong buhay ay ganoon talaga kasigla. May ligaya sa mga pagsulong at mayroon ding kahirapan. Mas malalim ang kaligayahan kapag nalagay ka sa isang napakahirap na sitwasyon pero nakayanan mo,” pagsusuma niya.

Aniya, inakala niyang alam niya na ang lahat noong maaga siyang nagsimulang mag-pultaym sa kanyang kabataan. “Pero ang dami pa palang dapat matutunan. Kaya kailangan ang tuluy-tuloy na pag-aaral sa mga prinsipyo at patakaran,” pagsiwalat niya.

"Siguro yung *dimension* na mas nakilala ko sa mahabang panahon *is, there will be many times* na mag-iisip ka na halos *limited* ang *options* o walang *option* or *seemingly unsolvable* ang mga bagay-bagay. Pero ang pinaka-importante kong natutunan *is how to be someone better, be self-critical*. Aminin talaga ‘yung sariling *shortcomings*, mga kahinaan. Ikalawa talaga, yung malalim na *trust*. Kasi sa *most difficult situation, actually*, totoo yung usapin na *it will be the act of all* na *willing to help to overcome the most difficult*," aniya.

Hanggang sa kaniyang huling hininga, huwaran sa katapatan si Talong sa adhikain at tiyak na tagumpay ng rebolusyong pambansa-demokratiko.

*Ilang bahagi ng sanaysay na ito ay lumabas sa isyu ng Ang Bayan, Nobyembre 7, 2024 bilang bahagi ng pagkilala at pagsaludo sa mga iniluwal ng Kabataang Makabayan na rebolusyonaryo at kadre ng Partido.*

# Terror Law

*ni Ka Althea*


May lagim na kumakalat sa bayan
Kabi-kabilang hulihan, patayan,
Sa sinasabi nilang "durugista", "aktibista"
hanggang sa iniugnay nilang "komunista", "terorista"

Kahindik-hindik ang kanilang litanya
Para ipatanggap ang nagaganap
Pagdanak ng dugo ay "karaniwan"
Paghihigpit, panggigipit ang "bagong normal"

Binaluktot na hustisya para pigilan
Daluyong ng bayan sumisigaw ng, "karapatan, ipaglaban!"
Pilit na bubusalan mga bibig, mga mata'y pipiringan
Sandata ng panunupil sa ngalan ng kapayapaan

Kamay na bakal patuloy na sumasakal
Nakadagan, nagpapahirap sa kaawa-awang bayan
Para lamang maghandog sa among dayuhan
Tutang pinuno kasangkapan sa pagkamkam

Ngunit husto na, sawa na sa pagpapagal
Mamamayang api, babangon, pilit mag-aaklas
Sila'ng nagpakasasa pati mga lokal na kasabwat
Marapat pabagsakin, tapatan ng makatarungang dahas!




*Mula sa CV*
2017

# Militar patakyasen

*(Iti tono ti Flowers)*

**[Intro]** Cmaj7

Am Dm
Naranggas, naulpit
G C
Ti pulis ken soldado
Am Dm
Agbartek, aglaaw
G C
Riribuk iti baryo

**[Pre-chorus]**
Am Dm
Mmm, Pasig a parigat, pasig a buteng
E7
EO701, ELCAC2 ken ATA3

**[Chorus]**
E7 Dm
Militar patakyasen
G C G/B
RCSP4 supiaten
Am Dm
FMO5 paayen
G C G/B
US-Marcos singiren
Am Dm
Tumakder tayo amin
G C G/B
Ringbawan ti buteng
F E7 Am
Intay lumaban ken agkaykaysa

**[Post chorus]**
Dm
Intay lumaban, ken intay agkaykaysa
G C
G/B
Intay lumaban, ken intay agkaykaysa

**[Verse 2]**
Am Dm
Kanyon da, ken bomba
G C Cmaj7
Aramid Amerika
Am Dm
Balbalay, komkoman

G C G/B
Target da a puntaan

**[Pre-chorus]**
Am
Ooh, awan ti pilpilien da
Dm
Awan iti anawa
E7
Aerial bombing, masinggan agistraping

**[Chorus]**
E7 Dm
Militar patakyasen (uh-uh)
G C G/B
RCSP supiaten
Am Dm
FMO paayen (yeah-eah)
G C G/B
US-Marcos singiren
Am Dm
Tumakder tayo amin (yeah-eah)
G C G/B
Ringbawan ti buteng
F E7
Intay lumaban ken agkaykaysa
F E7 Am
Intay lumaban ken agkaykaysa

**[Outro]**
Dm
Intay lumaban, ken intay agkaykaysa
G C G/B
Intay lumaban, ken intay agkaykaysa
Dm
Intay lumaban, ken intay agkaykaysa
G C G/B AM
Intay lumaban, ken intay agkaykaysa

*Manipud iti Baringkuas, Abril-Hulyo 2024*

# Militar palayasin!

*(Sa tono ng kantang "Flowers")*

Marahas, malupit
Ang pulis at sundalo
Maglasing, mangggulo
Perwisyo sa 'ting baryo

Mmm
Dagdag na pahirap
Naghasik ng lagim
EO70, ELCAC at ATA

Militar palayasin
RCSP buwagin
FMO biguin
US-Marcos singilin

Lumaban taumbayan
Takot ay igpawan
Tayo'y tumindig at magkaisa

Ang kanyon at bomba
Gawa ng Amerika
Tahanan, sakahan
Target na pasabugan

Ohh
Walang pakundangan
Walang pinipili
Aerial bombing,
masinggan nag-istraping

# Cha-cha

*ni Ka Joaquin Sangkatauhan*

sa tuwing may kapistahan
bumababa sa aming baryo
ang mga Hukbo
upang makipagsayaw ng cha-cha
sa ilalim ng hugis karit na buwan
sumisimoy nilulutong sinangdayan
ang mga Hukbo, mga taga-baryo
sa isang linyang humihiwa sa plaza
aabante, aatras
iikot, hahakbang
hindi ko malimot sinabi ng kapares:
“iton an batas han Matagalang
Digmang Bayan”

# Walay butang nga human na daan

*Ni Kasamang Ace*

Abi ba nako Kung sa libro kini simpleng gipatik Lang
Tinuod man diay kining Makita sa tanang butang
Gikan sa pagtumaw paglambo pahuyang ug pagkahanaw
Wala gapundo ang mga butang, tanan may kausaban

Sa matag gutlo ang kausaban  mahitabo nga daw di natu mabatyagan
Sama Sa tibuok adlaw nga pagtrabaho sa masang kabus pinahimuslan
Sama Sa rebolusuonaryong pakigbisog alang sa bagang katawhan
Dunay matag yugto nga kausabang giagian nga magkalhi sab sa matang

Abe nimo kauban, misantop Lang kinig kalit sa akong hunahuna
Samtang nagtaod  sa akong duyan ug hangtud nga ako naghigda
Nagbukot ko sa habol tungod sa hangin nga  perteng tugnawa
Nga sauna di gyud ko ana kaagwanta Kay daw sa dili ko makaginhawa

Nakapahiyom ako Kay tinuod man gyud  ang giingon sa dokumento
Sa kasaysayan pa sa pagtumaw sa tawo panahon pa sa karaang bato
Nga Wala pay balay ug sapot ug baga pa kaayo ang iyang balahibo
Nahimong dominante sa kalibutan ug nakahimo pag balay nga semento

Dili kini tiaw nga kamatuoran mga kauban
Kay bisan gani sa panglami sa pagkaon ako kining nasinatian
Nagdako ko nga way limit  mokaon anang batud sa lubi o pugahan
Apan karon bisan Lima kabuok lang mangatol na dayon tibuok kalawasan

Bisan sa gugma naa gihapon kini
Madumduman nako Ang USA ka kauban nga kini iyang gisulti
Awayon sila perme ug ginasaway nga pangit Ang bae o Ang laki
Apan sa kaulahian nagkagustuhay ug nagkaminyoay Raman lagi.

Sa kinaiyahan,  samot nga halatang Makita ug mabatyagan
Pag-uma Kanhi may pananom nga kini Ra nga bulan mapahaoman
Apan mag-uuma naglisod karon Kay Ang panahon Wala na makatunong
Climate change ba Kini o giamumong Lang Ang kalibutan sa iyang
kakatigulangon

Sa atong kabaryohan panagbangi sa hut Ong masaksihan
Mga hut Ong nagpahimulos batuk sa hut ong gipahimuslan
Kanhing bulag bulag karon naghiusa ug mibarug nga katawhan
Aron lumpagon sksp ug  mapahimuslanon nga katilingban.

*Marso 17, 2020*

# Walang bagay na hindi nagbabago

*Ni Kasamang Ace*

Akala ko noon na sa libro, simple lang itong kalokohan
Ngunit totoo pala ito, makikita sa lahat ng bagay
Mula sa paglitaw, paglago, paghina, at pagkawala
Walang bagay na hindi nagbabago, lahat may pagbabago

Sa bawat yugto ng pagbabago, may mga bagay na hindi natin napapansin
Katulad ng buong araw na pagtatrabaho ng masang anakpawis na pinahihirapan
Katulad ng rebolusyonaryong pakikibaka para sa bagong lipunan
May mga yugto ng pagbabagong dinaanan na nag-iiba sa kalagayan

Alam mo kasama, bigla lamang ito sumagi sa aking isipan
Habang nag-aayos ng aking duyan at hanggang sa ako ay nahiga na
Nagtalukbong ng kumot dahil sa lamig ng hangin
Na dati'y di ko kayang tiisin dahil halos di ako makahinga

Napangiti na lang ako't talagang totoo ang sinabi sa dokumento
Kahit sa kasaysayan ng paglitaw ng tao, noong Panahon ng Bato
Mula sa walang bahay at damit, at makapal pa ang kanilang balahibo
Naging dominante sa mundo at nakagawa pa ng bahay na yaring-semento

Hindi ito isang katatawanan, mga kasama
Dahil kahit sa aking panlasa, ito ay aking naranasan
Lumaki akong walang limitasyon sa pagkain,
kahit ilang batud pa ng niyog o pugahan
Ngunit ngayon, kahit limang piraso lang, ay nangangati na ang buo kong katawan

Kahit sa pag-ibig, nangyayari rin ito
Naalala ko ang isang kasama na nagsabi sa akin
Na sila ay laging nag-aaway at napapangitan sa isa't isa
Ngunit sa huli, nagkagustuhan at nagpakasal pa

Sa kalikasan, lalo itong lantad at makikita
Sa pagsasaka noon, inaangkop ang pagtanim sa mga buwan
Pero ngayon hirap na ang mga magsasaka dahil di na tugma ang panahon
*Climate change* ba ito o nagbabago lamang ang mundo ang dahil sa katandaan?

Sa ating mga baryo, banggaan ng mga uri ay masasaksihan
Ang mga uring mapagsamantala laban sa uring pinagsasamantalan
Ang dating hiwa-hiwalay, ngayon ay nagkakaisa at tumitindig nang mamamayan
Upang lansagin ang malakolonyal at malapyudal at mapagsamantalang lipunan.

*Marso 17, 2020*



*Iginuhit ni Ka Bravo*
2024

# Para kay Ka Phillip, sa kanyang kaarawan

*ni Ka Jonek*

Maligayang kaarawan sa iyo, kapatid ko at kasama
Ngayon ay ika-28 taon ng iyong kapanganakan
Ika-4 na taon na rin ng iyong panganay na anak na kapetsa mong isinilang
Hindi sinasadya, karneng baboy ang ulam!

Dose anyos ka noon, nang ako ay sumapi sa Bagong Hukbong Bayan
Sa mura mong edad, hirap sa buhay ang iyong dinatnan
Nakatapos ka sa elementarya at sa hayskul ay nakatuntong lamang
Dahil tumimbang ka sa ating ina matapos pumanaw ang ating amang maysakit

Hindi ko inakalang ikaw, sa iyong nakatatandang kapatid ay sasama
Maiintidihan ang kalagayan at sa rebolusyon ay lalaban
Pangarap ng ating ama, matapang mong tinanganan
"Iaalay ko ang aking mga anak para sa rebolusyon at sa bayan."

Dumaan ang mga taon na kasama kita sa larangan
Buong-puso mong niyakap ang interes ng mahihirap na inaapi't pinagsasamatalahan
Mulat na magulang at kapatid nating rebolusyonaryong martir
Pinakapinanghawakan mong inspirasyon sa unang dekada mo sa armadong rebolusyon

Bilang kaibigan, kakolektibo at iyong kapatid
Ako ay umaasa na marami pang taon tayong magkakasama
Sa kilusang pagwawasto, inaasahan kang magpatupad sa panawagang
"Ituwid ang mga kamalian at palakasin ang Partido" sa eryang ginagalawan.

*Oktubre 28, 2023*

# Alang kang Ka Phillip, sa iyang adlawng natawhan

*ni Ka Jonek*

Malipayong adlaw kanimo igsoon ko ug kauban
Karon ang ika 28 ka kasumaran sa imong adlawng natawhan
Ika-4 ka tuig usab sa imong panganay'ng anak nga imong kadungan
Hehehe! Wala tuyuang makatayming, niay karneng baboy masud-an.

Dose  anyos ka pa niadto, dihang sa pagsampa sa BHB ako midesisyon
Sa bata mong  pangidaron kalisod sa kinabuhi kanimo mipahamtong
Sa imong pag-eskwela nahuman elementarya ug sa hayskol igo lang mitungtong
Tungod  mitimbang kang inahan human mitaliwan amahan tang masakiton.

Wala ko damhang ikaw, sa imong mga magulang mahisusama
Nga kahimtang nasabtan ug sa pagrebolusyon misalmot na
Pangandoy sa atong amahan, ikaw usa sa maisogong mipatuman
"Ihalad nako akong mga anak  alang sa rebolusyon ug katawhan".

Milabay mga katuigan nga kauban kita sa nataran
Kinasingkasing mong gigakos interes sa kabus  dinaugdaug' pinahimuslan
Nahigmatang ginikanan ug  rebolusyonaryong martir tang igsoon
Pinakasuod mong inspirasyon niining unang dekada mo sa armadong rebolusyon.

Isip kauban, kakolektibo ug imong magulang
Ako manghinaot nga daghan pang katuigan ikaw among makauban
 Sa kalihukang pagtul-id gisaligan kang mopatuman sa panawagan
"Tul-iron mga kasaypanan ug pakusgon ang Partido"  sa atong eryang gilihukan.

# Isda at Tubig (Hukbo at Masa)

*ni Ka F*

Hindi mabubuhay ang isda kung wala ang tubig
Mabilis 'tong madakma kung mababaw at makitid
Sanman pumunta ang isda kung maliit ang batis
Masusundan, mahuhuli ng hayop na mababangis

Ang ligtas na kanlungan ng isda ay ilog at dagat
Dahil ito'y may mga angking haba lalim at lawak
Yunit  gerilya dapat magpalawak at magpatatag
Ang berdugong militar laging bigo sa  paghahanap

Ang pagpapalawak ng erya kailangang pursigihin
Masiglang propaganda-edukasyo'y magpapalalim
Mahigpit na imulat sa'ting rebolusyunaryong mithiin
Moog ng  baseng masa  saanman ay laging lilikhain

Sa pinakamalawak na erya malalim na base ay ipundar
Mula sa kabundukan  patungo sa mataong kapatagan
Kung bato'ng pundasyon, binhi ng gobyernong bayan
Ito ang ligtas na kanlungan ng Bagong Hukbong Bayan!

Sa libu-libong baryo at ilang daan bayang konsolidado
Ito'y  'di mahihibas na bukal ng kilusang rebolusyunaryo
Kapit kamay-kabalikat  sa paglaban ng makauring hukbo
Hanggang sa  tagumpay ng DRB at sosyalismo'y maitayo!

*Abril 28 2024,*
*habang naghihintay*
*sa pagdating na sundo.*



# Ang diwa at mga paang hubad

*ni Ka F*

I

Hindi kayang akyatin ng sasakyan
Ang mga talampas at kabundukan
'di makatawid sa ilog na walang tulay
Kung walang gatong wala ng buhay!

II

Ang mga paang hubad ay walang limitasyon
Ayon sa mga gawain ang kanyang direksyon
Kung puntahan nito'y baryong ekspansyon
Di pagod ang paa kung sa konsolidasyon

III

Sa gawaing militar paa'y laging nakahanda
Kung tatakbo nang mabilis at lalakad na ng mahina
Aatras susulong o maniobra sa kanan-kaliwa
Ang tatag at tibay n'ya diwa ang nagtatakda!

IV

Ang mga paang hubad sa maraming dekada
Laging kapiling niya ang malawak na masa
Nasa bundok, bukid, parang, at tabing kalsada
Pugad ng paang hubad katuwang sa pakikibaka

V
Tulad ng mga sasakyan nagagasgas naluluma
Dating bilis at karga hindi na nito kinakaya
Paang hubad pang lumakad ng libong-milya
Sa higit limang dekada bumagal at humina na

VI
Ang paang hubad at ang sasakyan de makina
May ilang pagkakalintulad ay may pakakaiba
Ang kabuuan nila'y nagagasgas at humihina
Paang hubad kahit tumanda matatag pa'ng diwa!

*Mayo 8, 2024, habang naghihintay ng sundo para sa malayong lakad.*

ANG
DIWA AT
MGA
PAANG
HUBAD

# EKSPANSYON

*ni Ka Eunice (Des)*

Subliyanan tayo manen a daliasaten
Dagiti dati a dalan
Nga agturong kadagiti masa
A nabayagen nga agur-uray

Awaten tayo
Dagiti nabara nga abrasa
Ti pudot ti iliw dagiti mannalon
Iti sidong dagiti daan a kalapaw
Ken taltalon a sigud a pagpulpulongan

Nabayag man a panawen ti naglabas
Di latta met a nagkupas
Ti naayat a suporta
Ti panangipateg da iti kakadua

Iti mata da a masirayan
Ti kinapudno ti naindasigan a risirisan
A mangpabpabara
Iti apoy ti gubat iti barukong ti tunggal gerilya.

*Setyembre 3, 2021*





*Iginuhit ni Ka Akira*
*Disyembre 2024*

# EKSPANSYON

*ni Ka Eunice (Des)*

Muli nating balikan
Dating mga daanan
Patungo sa masa
Na malaon nang nag-aasam.

Salubungin natin
Ang mainit na pakikipagkamay
At pangungulila ng magsasaka
Sa ilalim ng lumang kubo't palayan
Kung saan noo'y nagtatakalayan.

Matagal na panahon ma'y nagdaan
Hindi pa rin kumukupas
Pagmamahal at suporta,
Kanilang pagpapahalaga sa mga kasama.

Sa mata nila magniningning
Katotohanan ng tunggaliang makauri
Nagpapalagablab sa apoy ng gyera,
Nagpapaalab sa puso ng bawat gerilya.

*Setyembre 3, 2021*

# PULONG PAGSISIYASAT

*ni Ka Eunice (Des)*

Sa aming pagkikita
Upang isagawa ang pulong pagsisiyasat
Mas lalong napapagtanto at napapalalim ang kaalaman
Sa mayamang karanasan ng kanayunan
At marapat lamang
Na maging tapat na maglingkod
At matuto mula sa masa.

Maraming pangyayari sa kanayunan
Ang di na naibabalita
Sa radyo, diyaryo o telebisyon
Di tungkol sa mga artista
Di tungkol sa buhay sa syudad
Na laging naipamamarali sa mga balita't tsismis
Ngunit malayong mas dama ng mamamayang
Patuloy na binabalikat ang pagdaralita.

Sa mga liblib na baryong
Matagal na pinabayaan
At tila limot na ng mga nasa kapitolyo't Malakanyang
Kitang-kita ang karalitaan
Kitang-kita ang kakulangan.

Dumaraing ang taumbayan
Sa luging kalagayan
Napesteng mga taniman
Natuyot ang mga palayan
At sa pagdating ng amihan
Kayraming palay na naman
Ang mangingitim at tutubo na lamang.

Baon na nga sa utang
Presyo ng produkto'y binabarat pa sa pamilihan
Saan na ngayon kukuha ng halagang kailangan
Upang pangangailangan ng pamilya'y matustusan?

Sa ngalan ng paghadlang diumano sa pandemya
Malayang paglalabas-masok sa mga baryo at sentrong bayan
Hinahadlangan at iniistriktuhan
Imbes na pangunahing solusyon ang hakbang pangkalusugan
Pagpapakalat ng mga armadong haragan
Ang siyang inaasahan


Karapatan sa lupaing binubungkal
Sa mga ilog na pinangingisdaa't nagpapatubig sa mga palayan
Gayundin sa kayamanan ng kagubatang
Pinanggagalingan ng kabuhayan at ibang pangangailangan
Patuloy na inaatake
Batas at mga programa ang ginagamit
Upang sa mamamayan ito ay agawin.

Sa pakikinig sa karaingan
Ng masang magsasaka sa kinikilusan
Ramdam ang hinagpis sa pagitan ng bitaw ng mga salita
Makikita ang hagupit ng ilang dekadang karukhaan
Sa mga brasong nasanay na sa paggamit ng araro
Sa bawat lusong sa bukid
Sa mga inugat na mga kamay
At inuuban nang buhok
Matiim ang kanilang tingin
Habang mahigpit ang kanilang pakikipagkamay
Pagkatapos ng aming pagpupulong
Taos sa puso ang aming paniniwalang
Patuloy na susulong ang armadong rebolusyon.

*Setyembre 3, 2021*




*Mula sa Cagayan Valley*
2024



*Panata*
*ni Ka Santi*
*2024*



# Makabawi ra ta, salig sa masa

Namula ang mga mata, daw lugas sa mais nga kadagko sa singot ug gihangak pasubida samtang dala ang usa ka kontiner nga tubig ug haslos 20 kls nga bugas. Gibati nako ang kabug-at sa iyang dala nga mipahalang sa akong mga mata. Wala ko kapugngi ang pagtulo sa luha.

Sengkwenta anyos na si Angkol ug bisan ang gipamati niyang rayuma wala nahimong babag aron motabang sa mga Puma (Pulang manggugubat). Makita sa iyang panglawas ang mga timaan sa kalisod ug kagutom. Pagbaligya sa binugha nga kahoy ang gibuhi niya sa iyang pamilya. Aduna sya'y lima ka anak ug asawang masinabtanon nga si Lisa. Kulang ang kita nila sa inadlaw'ng panginahanglan.

Usa ka semana na ang nilabay gikan sa pag-alalay ni Ka Angkol kanamo. Bag-o lang kami niabot sa lugar gikan sa gipikusan ug gibubuan og pila ka kolum sa kaaway. Sa tabang sa magtiayong responsableng masa nga miintak kanamo, naila-ila namo si Ka Angkol ug iyang pamilya nga dekada na kapin naputol sa komunikasyon sa mga kauban tungod sa pagpuyo o pagbalhin niya sa pagpuyo bunga sa kainitado niya sa kaaway. Nalipay siya ug iyang asawa nga nagkita pag-usab sila sa kauban.

"Salamat gyud kaayo, kas, nga nakita pa ta ninyo. Dugay na gyud ming nangandoy sa inyo kas," ingon ni Angkol dungan sa among paglamano kaniya.


Daw naibtan og tunok ang akong mga kauban, kaming tanan, ilabina kay nibati gyud og kabalaka sa kung kinsa ang angay duolan aron makalikay sa posibleng pagtukoy sa kaaway. Adunay paglaum.

Kuyog ang uban pag masaligan niyang silingan, gusurbey nila ang dalan alang sa luwas nga pag-agi sa kauban. Wala sila moreklamo, kagutom ug kakapoy, lakawan sa gabie miduyog sila sa mga kauban. Naay higayon nga nahimong panihapon na ang paniudto sa kanilit sa tubig maagihan. Lapa nga kabatuan ang magong lugar nga among giagian ug talagsaon ra kaayo ang tubig nga komon nga ginagamit sa mga masa sa lugar.

Samtang nagposisyon sa tereyn ang mga kauban, buntag sayo, tungod kay layo ang tubig, si Ka Angkol uban ang iyang bayaw ang naghatod sa tubig ug suplay. Gisugat dayon sila sa mga kauban ug gidawat ang ilang dala. Wala nako mosugat kanila, nilantaw na lang ako ug nakaingon sa kaugalingon. "Makabangon gyud ang rebolusyon."

Ang kasamtangang kasinatian sa pagdiskubre og bag-ong lugar ug mga masa nakatabang sa mga kaubanan nga maabli ang huna-huna, mapamatud-an ang kahusto sa mga prinsipyo ug segurado akong mapulihan ang pasibong hunahuna ngadto sa pagka-optimistiko.

Dasig ug lipay ang mga kasama. Natakdan sab ko. Pasalamat sa mga kas ug masa. Long live the revolution!.



*Guhit mula Agusan del Sur*
2024

# Tayo'y makababawi rin, sa masa'y magtiwala

Namumula ang mga mata, sinlaki ng butil ng mais ang tumatagaktak na pawis, humihingal paakyat pasan-pasan ang isang kontiner ng tubig at 20 kilo ng bigas. Ramdam ko ang bigat ng kanyang dala na nagpaiyak sa akin. Hindi ko napigilan ang pagdaloy ng aking mga luha.

Si Angkol ay 50-anyos na ngunit hindi naging hadlang sa kanyang pagtulong sa mga Puma (Pulang mandirigma) ang iniindang rayuma. Makikita sa kanyang pangangatawan ang mga bakas ng hirap at gutom. Pagbebenta ng panggatong ang ikinabubuhay ng kanyang pamilya. Mayroon siyang limang anak at maunawaing asawang si Lisa. Kulang ang kita nila para sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Isang linggo na ang nakalipas mula nang tumulong si Ka Angkol sa amin. Kagagaling lang namin sa lugar na pinokusan at pinakatan ng ilampung kolum ng kaaway. Sa tulong ng mag-asawang responsableng masa na dumikit sa amin, nakilala namin si Ka Angkol at ang kanyang pamilya na mahigit isang dekada nang hindi naugnayan ng mga kasama dahil sa kanyang paglipat ng tirahan dulot ng pang-uusig ng militar sa kanya. Masaya siya at ang kanyang asawa na makitang muli ang mga kasama.

"Maraming salamat, kas, na tayo'y muling nagkatagpo. Matagal na naming inaasam-asam ito," sambit ni Angkol habang nakikipagkamayan.

Parang nabunutan ng tinik ang aking mga kasama, kaming lahat, lalunat hindi kami tiyak kung sino ang aming malalapitan at nangangambang matunugan ng kaaway. Ngunit, may pag-asa.

Kasama ang iba pang mapagkakatiwalaang kapitbahay, sinuri nila ang ligtas na

mga lagusan upang hindi mapahamak ang mga kasama. Wala silang reklamo, di alintana ang gutom at pagod, lakaran sa gabi. May pagkakataon na naging hapunan na ang tanghalian dahil sa kawalan ng tubig na madadaanan. Malapad at mabatong lugar ang bago naming dinadaanan kung saan napakabihirang makakita ng tubig.

Habang nag-aayos ng posisyon ang mga kasama, bumaba kinaumagahan sina Ka Angkol at ang kanyang bayaw para kumuha ng tubig at suplay. Pagbalik nila, agad silang sinalubong ng mga kasama at tinanggap ang kanilang mga dala. Hindi na ako lumapit pa sa kanila, nakatitig lamang ako at sa aking isispa'y, "Tiyak ang pagbangon ng rebolusyon."

Ang kasalukuyang karanasan sa pagtuklas ng bagong lugar at mga masa ay nakatulong sa mga kasama na buksan ang isipan, patunayan ang kawastuhan ng mga prinsipyo, at sigurado akong mapapalitan ang pasibong pag-iisip ng rebolusyonaryong optimismo.

Nakahahawa ang sigla at sayang nadarama ng mga kasama. Salamat sa mga kasama at masa. Mabuhay ang rebolusyon!




*Saligang Alyansa*
*Likha ni Ka Tom, unang lumabas sa Kalayaan*
*November 2024, KM-Central Luzon*




*Likha ni Ka Anapa*


ULONG!
SAGOT SA
KAHIRAPAN,
DIGMANG BAYAN
IMPERYA
LISMO,

# Pasasalamat

Kay Ka Dahlia, Ka Mima, Ka Bravo, Ka Akira, Ka Amado, Ka Irma, Ka FY, Ka Kyreo Tablo, Ka Rm, Ka Santi at Ka Flor, sa ambag nilang talento.

Sa mga kadre at kasapi ng Partido at mga kumander at myembro ng Pulang hukbo sa mga rehiyon ng Ilocos-Cordillera, Cagayan Valley, Central Luzon, Timog Katagalugan, Bicol, Eastern Visayas, Central Visayas, Panay, Northeastern Mindanao at mga kasama sa iba't ibang organo ng Partido na nag-ambag ng kanilang mga obra sa rebolusyonaryong mamamayang Pilipino na matapang na lumalahok sa digmang bayan at handang ialay ang lahat para isulong at ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

ULOS 2024

UIÓS